- Upang magpasok ng ibang character, haplusin at huwag bitiwang ang karaniwang character sa keyboard upang makuha ang listahan ng mga available na opsyon, at pagkatapos pumili mula sa listahan. Halimbawa, upang ipasok ang "é", haplusin at tagalan ang "e" hanggang sa lumitaw ang ibang mga pagpipilian, pagkatapos, habang patuloy na nakadiin ang iyong daliri sa keyboard, i-drag sa at piliin ang "é".

Upang magpasok ng mga numero o simbolo

- Kapag nagpasok ka ng teksto, i-tap ang . Lilitaw ang isang keyboard na may mga numero at simbolo. I-tap ang  upang tingnan ang higit pang mga pagpipilian.

Upang maglagay ng smiley

- 1 Kapag nagpasok ka ng text, i-touch at i-hold .
- 2 Pumili ng smiley.

Mga setting ng Keyboard at Phonepad

Maaari kang pumili ng mga setting para sa nasa screen na keyboard at Phonepad, gaya ng wika sa pagsulat at awtomatikong pagwawasto.

Upang i-access ang mga setting ng nasa screen na keyboard at Phonepad

- Kapag nagpasok ka ng teksto gamit ang nasa screen na keyboard o Phonepad, i-tap ang . Kung pinili mo ang higit sa isang wika sa pagsusulat, hawakan nang matagal ang  sa halip.

Upang palitan ang wika sa pagsusulat gamit ang nasa screen na keyboard o Phonepad

- 1 Kapag nagpasok ka ng text, tapikin ang , o hawakan at huwag bitiwang ang  kung nakapili ka na ng higit sa isang input na wika.
- 2 Tapikin ang **Pagsusulat ng mga wika** at piliin ang mga wika na nais mong gamitin para sa pagsusulat.
- 3 Kung pumili ka ng higit sa isang input language, tapikin ang  upang lumipat sa pagitan ng piniling mga wikang panulat.

Upang magpalit ng mga keyboard

- 1 Kapag maglagay ka ng teksto, i-drag ang status bar pababa upang buksan ang Panel ng abiso.
- 2 Tapikin ang **Pumili ng Input Method**, at pumili ng opsyon.

Mga setting ng input ng teksto

Habang nagpapasok ng teksto, maaari mong i-access ang menu ng mga setting ng input ng teksto na tumutulong sa iyong magtakda ng mga pagpipilian para sa text prediction. Halimbawa, maaari kang magpasya kung papaano ipapakita ng telepono ang mga kahaliling salita at tamang salita habang nagta-type ka, o paganahin ang text input na application upang matandaan ang bagong mga salitang iyong sinusulat.

Upang palitan ang mga setting ng input ng teksto

- 1 Kapag nagpasok ka ng teksto gamit ang nasa screen na keyboard o ang Phonepad, tapikin ang , o hawakan nang matagal ang .
- 2 Tapikin ang **Setting ng pag-input ng teksto**.
- 3 Piliin ang mga nais na setting.

Pag-customize ng iyong telepono

Ibagay ang iyong telepono sa iyong mga pangangailangan sa pag-adjust, halimbawa, ng iyong personal na ringtone, wika ng telepono at iyong mga setting sa Privacy.

Pag-aayos ng volume

Maaari mong ayusin ang volume ng ringtone para sa mga tawag sa telepono at mga abiso gayundin para sa playback ng tunog at video.

Upang ayusin ang volume ng pag-ring gamit ang pindutan ng volume

- Pindutin ang volume key nang pataas o pababa.

Upang ayusin ang volume ng tumutugtog na media gamit ang pindutan ng volume

- Kapag nagpapatugtog ng musika o nanonood ng video, pindutin ang pindutan ng volume nang pataas o pababa.

Upang itakda ang telepono sa mode na tahimik

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Tunog**.
- 3 Piliin ang **Silent mode**, pagkatapos ay piliin ang **I-mute**.

Upang itakda ang telepono sa vibrate mode

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Tunog**.
- 3 Piliin ang **Silent mode**, pagkatapos ay piliin ang **I-vibrate ang telepono**.

Upang itakda ang telepono sa vibrate at ring mode

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Tunog**.
- 3 Piliin ang **Silent mode**, pagkatapos ay piliin ang **I-off**.
- 4 Markahan ang checkbox na **Mag-vibrate sa pag-ring**.

Upang pahusayin ang lakas ng speaker

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Tunog**.
- 3 Markahan ang checkbox na **xLOUD™**.

Oras at petsa

Maaari mong baguhin ang oras at petsa sa iyong telepono.

Upang manu-manong i-set ang petsa

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Petsa at oras.**
- 3 Alisan ng marka ang checkbox na **Automatic petsa at oras**, kung may marka ito.
- 4 Tapikin ang **Magtakda ng petsa.**
- 5 Ayusin ang petsa sa pamamagitan ng pag-scroll pataas at pababa.
- 6 Tapikin ang **Magtakda.**

Upang manu-manong i-set ang oras

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Petsa at oras.**
- 3 Alisan ng marka ang checkbox na **Automatic petsa at oras**, kung may marka ito.
- 4 Alisan ng marka ang checkbox na **Gamit 24-oras format**, kung may marka ito.
- 5 Tapikin ang **Magtakda ng oras.**
- 6 Mag-scroll pataas o pababa upang ayusin ang oras at minuto.
- 7 Mag-scroll pataas o pababa upang ayusin ang **am** at **pm**.
- 8 Tapikin ang **Magtakda.**

Upang i-set ang time zone

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Petsa at oras.**
- 3 Alisan ng marka ang checkbox na **Awtomatikong time zone**, kung may marka ito.
- 4 Tapikin ang **Pumili ng time zone.**
- 5 Pumili ng pagpipilian.

Upang i-set ang format ng petsa

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting > Petsa at oras > Pumili format ng petsa.**
- 3 Pumili ng opsyon.

Mga setting sa mga ringtone

Upang mag-set ng ringtone ng telepono

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Tunog > Ringtone ng telepono.**
- 3 Pumili ng ringtone.
- 4 Tapikin ang **Tapos na.**

Upang paganahin ang mga touch tone

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Tunog.**
- 3 Markahan ang checkbox na **Mga tono sa pagpindot ng dial pad** at **Mga tunog sa pagpindot** na mga checkbox.

Upang pumili ng ringtone ng abiso

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Tunog > Default na notification.**
- 3 Pumili ng ringtone.
- 4 Tapikin ang **Tapos na.**

Mga setting ng screen

Upang ayusin ang liwanag ng screen

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Ipakita** > **Linaw**.
 - 3 Upang bawasan ang liwanag ng screen, i-drag ang slider sa kaliwa. Upang dagdagan ito, i-drag ang slider sa kanan.
 - 4 I-tap ang **OK**.
-  Ang antas na liwanag ay nakakaapekto sa pagganap ng iyong baterya. Para sa mga tip kung paano pagbutihin ang pagganap ng baterya, tingnan ang *Pagpapahusay ng pagganap ng baterya* sa pahinang 17.

Upang mai-set ang screen upang mag-vibrate

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Tunog**.
- 3 Markahan ang checkbox na **Mag-vibrate sa pagpindot**. Magba-vibrate ngayon ang screen kapag iyong tinapik ang mga soft key at ilang mga application.

Upang ayusin ang idle time bago mag-off ang screen

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Ipakita** > **Sleep**.
 - 3 Pumili ng opsyon.
-  Upang mabilis na i-off ang screen, pindutin nang sandali ang power key .

Upang panatilihin ang aktibo ang screen habang nagcha-charge ang telepono

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Mga pagpipilian ng nag-develop**.
- 3 Markahan ang checkbox na **Manatiling nakabukas**.

Wikang ginagamit ng telepono

Maaari kang pumili ng wikang gagamitin sa iyong telepono.

Upang baguhin ang wika ng telepono

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Wika at input** > **Wika**.
 - 3 Pumili ng opsyon.
-  Kung mali ang napili mong wika at hindi mabasa ang mga teksto ng menu, hanapin at tapikin ang **Mga Setting** na icon . Pagkatapos ay piliin ang entry sa tabi ng , at piliin ang unang entry sa sumusunod na menu. Maaari mo nang piliin pagkatapos ang wika na nais mo.

Airplane mode

Sa Airplane mode, ang network at mga radio transceiver ng iyong telepono ay naka-off upang pigilan ang paggambala sa sensitibong kagamitan. Gayunpaman, maaari ka pa ring maglaro, makinig sa musika, manood ng mga video at iba pang nilalaman, hangga't ang lahat ng nilalamang ito ay naka-save sa iyong memory card o panloob na imbakan. Maaari ka ring paalalahanan ng mga alarma, kung ginawang aktibo ang mga alarma.

-  Binabawasan ang pagkonsumo sa baterya ang paggamit ng Airplane mode.

Upang i-on ang Airplane mode

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa...**
 - 3 Markahan ang checkbox na **Airplane mode**.
-  Maaari mo ring piliin ang **Airplane mode** mula sa **Mga pagpipilian sa telepono** na menu. Upang i-access ang menu na **Mga pagpipilian sa telepono**, pindutin nang matagal ang power key .

Memorya

Maaari mong i-save ang nilalaman sa pagitan ng memory card at ng memorya ng telepono. Naka-save ang musika, mga video clip at larawan sa memory card habang ang mga application, contact at mga mensahe ay naka-save sa memorya ng telepono.

- ! Maaari mong ilipat ang ilang mga application mula sa memorya ng telepono sa memory card.

Upang maglipat ng application sa memory card

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Apps**.
- 3 Tapikin ang nais na application.
- 4 Tapikin ang **Ilipat sa SD card**.

- ! Hindi posibleng maglipat ng ilang mga application mula sa memory ng telepono patungo sa memory card.

Memory card

- ! Kailangan mong bumili ng hiwalay na memory card.

Sinusuportahan ng iyong telepono ang microSD™ na memory card, na ginagamit para sa nilalamang media. Magagamit din ang card na ito bilang portable memory card sa iba pang katugmang mga device.

- ! Kapag walang memory card hindi mo magagamit ang camera, o makapag-play ka o mag-download ng mga music file at video clip.

Ligtas na alisin ang memory card

Ligtas mong maaalis ang memory card mula sa iyong telepono anumang oras kapag nakasara ang iyong telepono. Kung nais mong alisin ang memory card kapag nakabukas ang iyong telepono, dapat mo munang i-unmount ang memory card bago mo pisikal na alisin ito mula sa telepono. Mapipigilan nito ang pagkapinsala sa memory card o ang pagkawala ng data na nakaimbak sa memory card.

Upang i-unmount ang memory card

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga setting > Imbakan > I-unmount ang SD card**.

Pag-format sa memory card

Maaari mong i-format ang memory card sa iyong telepono, halimbawa, upang makapagdagda ng karagdagang memory. Nangangahulugan ito na iyong buburahin ang lahat ng data sa iyong card.

- ! Mabubura ang lahat ng nilalaman sa memory card kapag na-format mo ito. Tiyaking gumawa ka ng mga backup ng lahat ng nais mong ma-save bago i-format ang memory card. Upang i-backup ang iyong nilalaman, maaari mo itong kopyahin sa iyong computer. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang chapter na *Pagkonekta sa iyong telepono sa isang computer* sa pahina 122.

Upang i-format ang memory card

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting > Imbakan > I-unmount ang SD card**.
- 3 Kapag iyong natanggal ang memory card, tapikin ang **Burahin ang SD card**.

Stereo na madaling gamiting handsfree



Upang gumamit ng handsfree

- 1 Magkonekta ng madaling gamiting handsfree.
 - 2 Upang sagutin ang isang tawag, pindutin ang pindutan sa pangangasiwa ng tawag. Kung nakikinig ka sa musika, titigil ito kapag nakatanggap ka ng tawag at magpapatuloy kapag natapos na ang tawag.
 - 3 Upang wakasan ang isang tawag, pindutin ang pindutan sa pangangasiwa ng tawag.
- ! Kung walang kasamang madaling gamiting handsfree sa telepono, maaari mo itong hiwalay na bilhin.

Mga setting ng Internet at pag-mensahe

Upang magpadala ng text at mga multimedia message at maka-access sa Internet, dapat na mayroon kang 2G/3G mobile data na koneksyon at ang tamang mga setting. May ilang magkaka-ibang paraan upang makuha ang mga setting na ito:

- Para sa karamihan ng mga mobile phone network at mga operator, ang mga setting ng Internet at pag-mensahe ay naka-install na sa iyong telepono. Maaari mong simulang gamitin ang Internet at magpadala ng mga mensahe agad.
- Sa ilang mga kaso magkakaroon ka ng opsyon na i-download ang mga setting ng Internet at pag-mensahe sa unang beses na binuksan mo ang telepono mo. Posible rin na i-download ang mga ito sa ibang pagkakataon mula sa **Mga setting** menu.
- Maaaring manu-mano mong idagdag at palitan ang mga setting ng Internet at network sa iyong telepono anumang oras. Makipag-contact sa iyong network operator para sa detalyadong impormasyon sa iyong mga setting ng Internet at pag-mensahe.

Upang mag-download ng mga setting ng Internet at pag-mensahe

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Xperia™** > **Pag-download ng setting**.

Upang tingnan ang kasalukuyang Access Point Name (APN)

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Higit pa...** > **Mga mobile network**.
- 3 Tapikin ang **Mga Access Point Name**.

- ! Kung mayroon kang iba't ibang magagamit na mga koneksyon, ipapahwatig ang aktibong network connection sa pamamagitan ng minarkahang pindutan sa kanan.

Upang manu-manong i-configure ang mga setting ng APN

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa...** > **Mga mobile network** > **Mga Access Point Name**.
 - 3 Pindutin ang .
 - 4 Tapikin ang **Bagong APN**.
 - 5 Tapikin ang **Pangalan** at ipasok ang pangalan ng profile ng network na nais mong likhain.
 - 6 Tapikin ang **APN** at ipasok ang pangalan ng access point.
 - 7 Ipasok ang lahat ng ibang impormasyong kailangan ng operator ng iyong network.
 - 8 Pindutin ang  at tapikin ang **Mag-save** .
- ! Makipag-ugnay sa iyong network operator para sa detalyadong impormasyon tungkol sa iyong mga setting ng network.

Upang i-reset ang default na mga setting ng Internet

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 2 Tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa...** > **Mga mobile network** > **Access Point Names**.
- 3 Pindutin ang .
- 4 Tapikin ang **I-reset sa default**.

Info sa paggamit

Para sa layunin ng kalidad, nangongolekta ang Sony Ericsson ng walang pagkakakilanlang mga ulat ng bug at istatistika may kinalaman sa paggamit ng iyong telepono. Hindi naglalaman ng personal na impormasyon ang nakolektang data. Bilang default, hindi aktibo ang pagpapadala ng info sa paggamit. Ngunit maaari mong piliing gawing aktibo ito kung nais mo.

Upang ipadala ang info sa paggamit

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Xperia™** > **Impo sa paggamit**.
- 3 Markahan ang checkbox na **Padala impo ng paggamit**.

Isinasara ang trapiko ang data

Maaari mong i-disable ang lahat ng mga koneksyon ng data sa 2G/3G na mga network sa iyong telepono upang iwasan ang anumang hindi kailangang pag-download ng data at mga pag-synchronise. Makipag-contact sa iyong network operator kung kailangan mo ng detalyadong impormasyon tungkol sa iyong plano sa iyong subscription at singilin sa trapiko ng data.

-  Kapag naka-off ang data traffic, maaari mo pa ring gamitin ang Wi-Fi™ at Bluetooth™ na mga koneksyon. Maaari ka ring tumanggap at magpadala ng mga mensaheng multimedia.

Upang i-off ang lahat ng trapiko ng data

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Higit pa...** > **Mga mobile network**.
- 3 Alisin ang marka ng checkbox na **Pinagana ang data**.

Roaming ng data

Depende sa iyong network operator, maaaring posibleng payagan ang mga koneksyon ng data na pang-mobile sa pamamagitan ng 2G/3G sa labas ng iyong home network (roaming). Pakitandaan na maaaring malapat ang mga singil sa pagpapadala ng data. Makipag-contact sa iyong network operator para sa higit pang impormasyon.

- ! Maaaring gamitin ng mga application ang koneksyon sa Internet sa iyong home network nang walang anumang abiso, halimbawa, kapag nagpapadala ng mga hiling sa paghahanap at pag-

synchronise. Karagdagang mga singil ay maaaring malapat para sa data roaming. Kumonsulta sa iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Upang isaaktibo ang data roaming

- 1 Mula sa Home screen, i-tap ang .
 - 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Higit pa...** > **Mga mobile network**.
 - 3 Markahan ang checkbox na **Roaming ng data**.
- ! Hindi mo maaaring isaaktibo ang data roaming kapag hindi pinapagana ang mga koneksyon ng data

Mga setting ng network

Awtomatikong lumilipat ang iyong telepono sa pagitan ng mga network depende sa mga available na network sa iba't ibang lokasyon. Una, naka-configure ang iyong telepono na gamitin ang pinakamabilis na mode ng mobile network na available para sa data. Ngunit maaari mong manu-manong i-configure ang iyong telepono upang gumamit lamang ng mas mabagal na 2G network mode para sa data, upang patagalin ang buhay ng iyong baterya sa bawat pag-charge. Maaari mo ring ganap na i-configure ang iyong telepono na i-access ang iba't ibang hanay ng mga mode ng network, o kumilos sa mga espesyal na paraan kapag roaming.

Upang pumili ng mode ng network

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Higit pa...** > **Mga mobile network**.
- 3 Tapikin ang **Mode ng Network**.
- 4 Pumili ng mode ng network.

Upang manu-manong pumili ng isa pang network

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Higit pa...** > **Mga mobile network** > **Mga network operator**.
 - 3 Tapikin ang **Mode sa paghahanap**.
 - 4 Kapag lumitaw ang isang popup na window, tapikin ang **Manu-mano**.
 - 5 Pumili ng network.
- ! Kung manu-mano kang pumili ng network, hindi maghahanap ang iyong telepono ng mga ibang network, kahit na mawala ka sa abot ng manu-manong piniling network.

Upang magsaaktibo ng awtomatikong pagpili ng network

- 1 Mula sa Home screen, i-tap ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Higit pa...** > **Mga mobile network** > **Mga network operator**.
- 3 I-tap ang **Mode sa paghahanap**.
- 4 I-tap ang **Awtomatiko**.

Pagtawag

Mga tawag na pang-emergency

Sinusuportahan ng iyong telepono ang mga international emergency number, halimbawa, 112 o 911. Karaniwan mong magagamit ang mga numerong ito upang magsagawa ng mga emergency na tawag sa anumang bansa, mayroon man o walang SIM card na nakapasok, kung ikaw ay nasa loob ng nasasaklawang network.

Upang magsagawa ng emergency na pagtawag

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at Tapikin ang **Telepono**.
- 3 Ipasok ang emergency number at tapikin ang **Tawag**. Upang magtanggag ng numero, tapikin ang .

💡 Maaari kang gumawa ng mga tawag na pang-emergency kapag walang nakapasok na SIM card o kapag hinarangan ang mga papalabas na tawag.

Upang magsagawa ng isang emergency na tawag habang naka-lock ang SIM card

- 1 Tapikin ang **Emergency na tawag**.
- 2 Ipasok ang emergency number at tapikin ang **Tawag**. Upang magtanggag ng numero, tapikin ang .

Pangangasiwa ng tawag

Maaari kang manu-manong tumawag sa pamamagitan ng pag-dial ng numero ng telepono, sa pamamagitan ng pagtapik sa numerong naka-save sa listahan ng contact ng iyong telepono, o sa pamamagitan ng pagtapik sa numero ng telepono sa iyong view ng talaan ng tawag.

Kapag tumawag ka, gagana ang pangunahing mikropono ng iyong telepono kasama ng pangalawang mikropono upang alisin ang ingay at tunog sa background.

! Huwag takpan ang pangalawang mikropono habang tumatawag.

Upang tumawag sa pamamagitan ng pag-dial

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Telepono**.
- 3 Ipasok ang numero ng tagatanggap at tapikin ang **Tawag**. Upang magtanggag ng numero, tapikin ang .

Upang tapusin ang isang tawag

- I-tap ang .

Upang magsagawa ng international na tawag

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Telepono**.
- 3 Hawakan nang matagal ang 0 hanggang sa lumitaw ang simbolong “+”.
- 4 Ipasok ang country code, area code (hindi kasama ang unang 0) at numero ng telepono, pagkatapos tapikin ang **Tawag**.

Upang sumagot ng tawag



- I-drag ang  sa kanan sa kabuuan ng screen.
- ! Kung gumagamit ka ng mga regular na headphone nang walang microphone, kailangan mong alisin ang mga headphone mula sa pangkonekta ng headset upang magawang sagutin ang tawag.

Upang tanggiin ang isang tawag

- I-drag  sa kaliwa sa kabuuan ng screen.

Upang baguhin ang volume ng ear speaker sa habang tumatawag

- Pindutin ang volume key nang pataas o pababa.

Upang i-on ang loudspeaker habang may tawag

- I-tap ang .

Upang i-mute ang microphone habang may tawag

- Tapikin ang .

Upang i-activate ang screen habang may tawag

- Pindutin ang .

Upang magpasok ng mga numero habang may tawag

- 1 Habang may tawag, i-tap ang . Lilitaw ang isang keypad.
- 2 Magpasok ng mga numero.

Upang i-mute ang ringtone para sa isang papasok na tawag

- Kapag natanggap mo ang tawag, pindutin ang volume key.

Mga kamakailang tawag

Sa log ng tawag, maaari mong tingnan ang kamakailang di-nasagot na , natanggap na  at na-dial na  mga tawag.

Upang tingnan ang iyong mga di-nasagot na tawag

- 1 Kapag mayroon kang di-nasagot na tawag, lilitaw ang  sa status bar. I-drag paibaba ang status bar.
- 2 Tapikin ang **Nakaligtaang tawag**.

Upang tawagan ang numero mula sa iyong log ng tawag

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at tapikin ang **Telepono**. Lilitaw ang log ng tawag sa itaas na bahagi ng screen.
 - 3 Upang direktang tawagan ang isang numero, tapikin ang numero. Upang i-edit ang isang numero bago tumawag, pindutin nang matagal ang numero, pagkatapos ay tapikin ang **I-edit num. bago tawagan**.
- ! Matatawagan mo rin ang isang numero sa pamamagitan ng pagtapik sa  > Tawagan.

Upang magdagdag ng numero mula sa log ng tawag sa iyong mga contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Telepono**. Lilitaw ang log ng tawag sa itaas na bahagi ng screen.
- 3 Pindutin nang matagal ang numero, pagkatapos ay tapikin ang **Idagdag sa Mga Contact**.
- 4 Tapikin ang nais na contact, o tapikin pagkatapos ang **Gawa ng bagong contact**.
- 5 Mag-edit ng mga detalye sa contact at tapikin ang **Tapos na**.

Voicemail

Kung kabilang sa iyong subscription ang isang serbisyong voicemail, maaaring mag-iwan ng mga mensaheng boses ang mga tumatawag para sa iyo kapag hindi ka makasagot ng tawag. Kadalasan nang naka-save ang iyong numero ng voicemail sa iyong SIM card. Kung hindi, maaari mong makuha ang numero sa iyong service provider at ipasok iyon ng manu-mano.

Upang ipasok ang iyong numero sa voicemail

- 1 Mula sa Home screen, i-tap ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Mga setting ng tawag** > **Mga setting ng voicemail** > **Numero ng voicemail**.
- 3 Ipasok ang iyong numero sa voicemail.
- 4 I-tap ang **OK**.

Upang tumawag sa iyong serbisyong voicemail

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Telepono**.
- 3 Hawakan nang matagal ang **1**.

Maramihang pagtawag

Kung isinaaktibo mo ang call waiting, maaari kang mangasiwa ng maramihang pagtawag nang sabay-sabay. Kapag aktibo ito, bibigyang abiso ka sa pamamagitan ng beep kung nakatanggap ng isa pang tawag.

Upang isaaktibo o i-deactivate ang call waiting

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin ang tapikin ang **Mga setting** > **Mga setting ng tawag** > **Mga karagdagang setting**.
- 3 Upang i-activate o i-deactivate ang call waiting, tapikin ang **Call waiting**.

Upang tanggiin ang pangalawang tawag

- Kapag narinig mo ang umuulit na mga beep habang tumatawag, tapikin ang **Abala**.

Upang sumagot ng pangalawang tawag at wakasan ang kasalukuyang tawag

- Kapag nakarinig ka ng paulit-ulit na mga beep habang tumatawag, tapikin ang **Wakasan tawag at sagutin**.

Upang sumagot ng pangalawang tawag at i-hold ang kasalukuyang tawag

- Kapag nakarinig ka ng paulit-ulit na mga beep habang tumatawag, tapikin ang **Sagutin**.

Upang magsagawa ng pangalawang tawag

- 1 Habang nasa kasalukuyang tawag, tapikin ang .
 - 2 Ipasok ang numero ng tagatanggap at tapikin ang .
 - 3 Kung sumagot ang tagatanggap, iho-hold ang unang tawag.
-  Ilalapat ang parehong pamamaraan sa kasunod na mga pagtawag.

Upang lumipat sa pagitan ng maraming tawag

- Upang lumipat sa isa pang tawag at ilagay ang kasalukuyang tawag sa hold, i-tap ang nais na numero o contact.

Upang tapusin ang kasalukuyang tawag at bumalik sa susunod na tawag na naka-hold

- I-tap ang .

Mga kumperensyang tawag

Sa kumperensya o pangmaramihang partidong tawag, maaari kang magkaroon ng magkasabay na pakikipag-usap sa dalawa o higit pang mga tao.

Upang magsagawa ng conference call

- 1 Habang nasa kasalukuyang tawag, tapikin ang .
 - 2 I-dial ang numero ng iyong pangalawang participant at tapikin ang .
 - 3 Kung sumagot ang pangalawang participant, iho-hold ang unang tawag.
 - 4 Tapikin ang .
- 💡 Upang magdagdag ng marami pang participant, ulitin ang hakbang 1 hanggang 4.

Upang magkaroon ng pribadong pag-uusap sa isang kalahok ng kumperensyang tawag

- 1 Habang nasa isang kumperensyang tawag, i-tap ang pindutang nagpapakita sa bilang ng mga kalahok. Halimbawa, i-tap ang **3 kalahok** kung mayroong tatlong kalahok sa tawag.
- 2 I-tap ang pangalan ng kalahok na gusto mong makausap nang pribado.
- 3 Upang wakasan ang pribadong pag-uusap at bumalik sa kumperensyang tawag, i-tap ang .

Upang paalisin ang isang kalahok mula sa kumperensyang tawag

- 1 Habang nasa isang kumperensyang tawag, i-tap ang pindutang nagpapakita sa bilang ng mga kalahok. Halimbawa, i-tap ang **3 kalahok** kung mayroong tatlong kalahok.
- 2 I-tap ang  sa tabi ng kalahok na gusto mong paalisin.

Upang tapusin ang kumperensyang tawag

- Habang nasa tawag, i-tap ang .

Mga setting ng tawag

Pagharang sa mga tawag

Maaari mong harangan ang lahat o ilang mga tukoy na kategorya ng mga paparating o papalabas na tawag. Kapag ginamit mo ang paghaharang ng tawag sa unang pagkakataon, kailangan mong ipasok ang iyong PUK (Personal Unblocking Key) at pagkatapos ay isang bagong password upang isaaktibo ang pag-andar na pagharang ng pagtawag.

Upang harangan ang mga paparating o papalabas na tawag

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting > Mga setting ng tawag > Pagharang ng tawag**.
- 3 Pumili ng pagpipilian.
- 4 Ipasok ang password at i-tap ang **Pagana**.

Pagpapasa ng mga tawag

Maaari kang magpasa ng mga tawag, halimbawa, sa isa pang numero ng telepono, o sa isang serbisyo sa pagsagot.

Upang mag-forward ng mga tawag

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Mga setting ng tawag** > **Pagpapasa ng tawag**.
- 3 Pumili ng opsyon.
- 4 Ipasok ang numerong gusto mong i-forward ang mga tawag, pagkatapos ay i-tap ang **Pagana**.

Upang i-off ang pag-forward ng tawag

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Mga setting ng tawag** > **Pagpapasa ng tawag**.
- 3 Pumili ng opsyon, pagkatapos ay tapikin ang **I-disable**.

Pagpapakita o pagtatago sa iyong numero ng telepono

Maaari mong piliing ipakita o itago ang iyong numero ng telepono sa mga aparato ng tagatanggap ng tawag kapag tinatawagan mo sila.

Upang ipakita o itago ang iyong numero ng telepono

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Mga setting ng tawag** > **Mga karagdagang setting** > **Caller ID**.

Mga Fixed Dialling Number

Kung nakatanggap ka ng PIN2 code mula sa iyong provider ng serbisyo, maaari kang gumamit ng listahan ng mga Fixed Dialling Number (FDN) upang paghigpitan ang mga papalabas na tawag.

Upang paganahin o huwag paganahin ang fixed dialling

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Mga setting ng tawag** > **Fixed dialling numbers**.
- 3 Tapikin ang **I-activate fixed dialling** o ang **Deactivate fixed dialling**.
- 4 Ipasok ang iyong PIN2 at i-tap ang **OK**.

Upang i-access ang listahan ng tinanggap na tatanggap ng tawag

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Mga Setting** > **Mga setting ng tawag** > **Fixed dialling numbers** > **Fixed dialling numbers**.

Contacts

Gamitin ang application na Mga Contact upang iimbak at pamahalaan ang lahat ng iyong numero, email address, at iba pang data ng contact sa isang lugar. Tumapik lamang sa isang contact upang makita ang lahat ng komunikasyon sa contact na iyon sa isang madaling pangkalahatang-ideya.

Maaari kang magdagdag ng mga bagong contact sa iyong telepono at i-synchronize ang mga ito sa mga contact na naka-save sa iyong Google™ account, Microsoft® Exchange ActiveSync® account, o iba pang mga account na sumusuporta sa pag-synchronize. Awtomatikong gumagawa ang application na Mga Contact ng mga bagong entry at tinutulungan ka ring magtugma ng data gaya ng mga email address sa umiiral nang mga entry. Maaari mo ring pamahalaan ang prosesong ito nang manu-mano. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa www.sonymobile.com/support.

Paglilipat ng mga contact sa iyong bagong telepono



Maraming paraan upang maglipat ng mga contact sa iyong bagong telepono. Pumili ng paraan ng paglilipat na pinakaangkop sa iyong sitwasyon.

Paglilipat ng mga contact gamit ang isang PC

Magagamit mo ang isang PC upang maglipat ng mga contact mula sa ilang tatak ng telepono, kabilang ang iPhone, Samsung, HTC at Nokia.

Kailangan mo ng:

- Isang PC na nakakonekta sa Internet na nagpapatakbo ng Windows®
 - Isang USB cable para sa luma mong telepono
 - Isang USB cable para sa iyong bagong Android™ na telepono
 - Iyong lumang telepono
 - Iyong bagong Android™ na telepono
- ! Kung wala kang access sa lahat ng item nakalista sa itaas, pumunta sa www.sonymobile.com/support/contacts upang malaman ang tungkol sa iba pang paraan upang ilipat ang iyong mga contact.

Paggamit sa programang PC Companion upang maglipat ng mga contact

Kung naglilipat ka ng mga contact gamit ang isang PC, gamitin nag programang PC Companion. Libre ito, at naka-save na sa iyong bagong telepono ang mga file sa pag-install. Nag-aalok din ang PC Companion ng isang hanay ng iba pang mga tampok, kabilang ang tulong upang i-update ang software ng iyong telepono.

Upang mag-install ng PC Companion

- 1 **Bagong telepono:** I-on ang iyong bagong teleponong Android™ at ikonekta ito sa isang PC gamit ang isang USB cable.
- 2 **Bagong telepono:** Tapikin ang **I-install** upang i-install ang PC Companion sa PC.
- 3 **Computer:** Kung may lilitaw na popup na window, piliin ang *Run Startme.exe*. Sa lilitaw na bagong popup na window, i-click ang *Install* upang simulan ang pag-install at pagkatapos ay sundin ang mga tagubilin upang kumpletuhin ang pag-install.

Upang maglipat ng mga contact sa iyong bagong telepono gamit ang PC Companion

- 1 Tiyaking naka-install ang PC Companion sa iyong PC.
- 2 Buksan ang program na PC Companion sa PC, pagkatapos ay i-click ang *Contacts Setup* at sundin ang mga tagubilin upang ilipat ang iyong mga contact.

Paglipat ng mga contact gamit ang isang Apple® Mac® computer

Para sa detalyadong mga tagubilin sa kung paano gumamit ng isang Apple Mac computer upang maglipat ng mga contact mula sa luma mong telepono, pumunta sa www.sonymobile.com/support/contacts.

Paglipat ng mga contact gamit ang mga account sa pag-synchronize

Gumagana ang iyong telepono sa mga sikat na online na account ng pag-synchronize gaya ng Google Sync™, Microsoft® Exchange ActiveSync® o Facebook™. Kung na-sync mo ang mga contact sa iyong lumang telepono o iyong computer sa isang online na account, maililipat mo ang iyong mga contact sa iyong bagong telepono gamit ang account na iyon. Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa pag-synchronize, tingnan ang *Pag-synchronise ng data sa iyong telepono* sa pahinang 74.

Upang ma-synchronise ang iyong mga contact sa telepono gamit ang isang pag-synchronise na account

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin ang , at pagkatapos tapikin ang **Mga setting > Mga account at sync**.
- 3 Upang makapag-set up ng isang pag-synchronise na account, tapikin ang **Magdagdag ng account** at sundin ang mga tagubilin sa screen. Kung na-set up mo na ang isang synchronisation account at nais mong mag-sync sa account na iyon, tapikin ang account, i-press ang , at tapikin ang **Mag-sync ngayon**.

Upang mag-import ng mga contact mula sa isang SIM card

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin ang , at pagkatapos tapikin ang **I-import contact > SIM card**.
- 3 Kung na-set up mo ang isang account sa pag-synchronise, maaari mong piliing idagdag ang contact sa SIM card sa ilalim ng account na iyon. O maaari mong piliing gamitin lamang ang mga contact na ito sa telepono. Piliin ang iyong ninais na opsyon.
- 4 Upang mag-import ng paisa-isang contact, hanapin at tapikin ang contact. Upang ma-import ang lahat ng mga contact, pindutin ang , tapikin pagkatapos ang **I-import lahat**.

Upang mag-import ng mga contact mula sa isang memory card

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin ang , at pagkatapos tapikin ang **I-import contact > SD card**.
- 3 Kung na-set up mo ang isang account sa pag-synchronise, maaari mong idagdag ang na-import na mga contact ng memory card sa ilalim ng account na iyon. O maaari mong piliing gamitin lamang ang na-import na mga contact sa telepono. Piliin ang iyong ninais na opsiyon.
- 4 Kung mayroong kang mahigit sa isang vCard file na nasa SD Card, lilitaw ang isang listahan na nagpapakita ng ibat-ibang mga batch ng contact sa telepono, na may katugmang mga petsa kung kailan sila nalikha. Piliin ang batch na nais mong i-import.


Upang tumanggap ng contact data na ipinadala gamit ang Bluetooth™ technology

- 1 Siguraduhing nakabukas ang iyong Bluetooth™ function at naka-set sa visible ang iyong telepono. Kung hindi, hindi ka makakatanggap ng data mula sa ibang mga aparato.
- 2 Kung tinanong ka na i-confirm kung nais mong tanggapin ang file, tapikin ang **Tanggapin**.
- 3 I-drag nang pababa ang Notification panel at tapikin ang file na iyong tinanggap upang ma-import ang contact data.

Upang makatanggap ng mga contact na ipinadala gamit ang isang serbisyo sa pagmemensahe

- 1 Kapag nakatanggap ka ng isang bagong text message, multimedia message, o email message, buksan ang message.
- 2 Lumilitaw na vCard attachment ang natanggap na contact data. Tapikin, o hipuin ng daliri at hawakan, ang vCard file upang magbukas ang isang menu upang ma-save ang contact data.

Contacts pangkalahatang pananaw sa screen



- 1 Tapikin ang icon na ito upang lumikha ng isang contact
- 2 Field sa paghahanap sa contact
- 3 Tapikin ang isang contact upang makita ang mga detalye nito
- 4 Ipinapakita ng icon ang status ng contact sa mga serbisyong instant messaging
- 5 Tapikin ang isang contact thumbnail upang ma-access ang quick contact na menu
- 6 Mga tab ng shortcut

Pamamahala ng iyong mga contact

Maaari mong gawin, i-edit at i-synchronize ang iyong mga contact sa ilang simpleng mga hakbang. Maaari kang pumili ng mga contact na naka-save sa iba't ibang mga account at pamahalaan kung paano ipakita ang mga ito sa telepono.

Kung i-synchronise mo ang iyong mga contact gamit ang mahigit isang account, maaari mong pagsamahin ang mga contact sa iyong telepono upang maiwasang ang mga pagkaulit.

- ! Hindi ka pinahihintulutan ng ilang mga serbisyo sa pag-synchronize, halimbawa, ilang mga serbisyo ng social networking, na i-edit ang mga detalye ng contact.

Upang tingnan ang iyong mga contact

- Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang . Nakalista dito ang iyong mga contac.

Upang piliin kung aling mga contact ang ipapakita sa application na Mga Contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin ang , pagkatapos ay i-tap ang **I-filter**.
- 3 Sa listahan lilitaw, markahan at tanggalan ng marka ang nais sa mga pagpipilian. Kung na-synchronise mo ang iyong mga contact sa isang account sa pag-synchronize, lilitaw ang account na iyon sa listahan. Maaari mong tapikin ang account upang mapalawak nang higit pa ang listahan ng mga pagpipilian. Kapag tapos ka na, i-tap ang **OK**.

Upang magdagdag ng contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
 - 2 I-tap ang .
 - 3 Kung na-synchronise mo ang iyong mga contact gamit ang isa o mahigit pang mga account, piliin ang account na nais mong idagdag sa contact na ito, o tapikin ang **Contact sa telepono** kung nais mo lamang gamitin ang contact na ito sa iyong telepono.
 - 4 Ipasok o piliin ang nais na impormasyon para sa contact.
 - 5 Kapag tapos ka na, i-tap ang **Tapos na**.
- 💡 Kung nagdagdag ka ng plus na simbolo at ng country code sa unahan ng numero ng telepono ng contact, maaari mong gamitin ang numero kapag tumatawag ka mula sa ibang mga bansa.

Upang mag-edit ng contact

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Hawakan ng daliri at huwag bitawan ang contact na nais mong i-edit, tapikin pagkatapos ang **I-edit ang contact**.
- 3 I-edit ang nais na impormasyon. Kapag tapos ka na, i-tap ang **Tapos na**.

Upang iugnay ang isang litrato sa isang contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
 - 2 Hawakan ng daliri at huwag bitawan ang contact na nais mong i-edit, tapikin pagkatapos ang **I-edit ang contact**.
 - 3 Tapikin ang  at piliina ng nais na paraan sa pagdagdag ng larawan ng contact.
 - 4 Kapag naidagdag mo na ang larawan, tapikin ang **Tapos na**.
- 💡 Maaari ka ring magdagdag ng isang larawan sa isang contact ng tuwiran mula sa **Gallery ng Xperia™** na application.

Upang tingnan ang komunikasyon sa isang contact

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Tapikin ang contact na nais mong tingnan.
- 3 Upang matingnan ang lahat ng iyong komunikasyon para sa contact mula sa ibang media, tapikin o i-flick ang mga filter item sa ibaba ng screen.

Upang magtanggal ng mga contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin ang , pagkatapos ay i-tap ang **Tanggal contact**.
- 3 Markahan ang mga contact na nais mong tanggalin, o tapikin ang **Markahan lahat** kung nais mong tanggalin ang lahat ng mga contact.
- 4 Tapikin ang **Tanggalin** > **OK**.

Upang makapag-edt ng impormasyon sa contact tungkol sa iyong sarili

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Haplusin at huwag bitiwang ang **Ako** sa itaas ng listahan ng contact, tapikin pagkatapos ang **I-edit ang contact**.
- 3 Ipasok ang bagong impormasyon o gumawa ng mga pagbabago na nais mo.
- 4 Kapag tapos ka na, tapikin ang **Tapos na**.

Pag-iwas na madoble ang mga entry sa iyong Contact application

Kung iyong i-synchronise ang iyong mga contact sa isang bagong account o i-import ang impormasyon ng contact sa ibang mga paraan, maaaring madoble ang mga entry sa Contacts application. Kapag nangyari ito, maaari mong pagsamahin ang mga nadoble upang gumawa ng isahang entry. At kapag maling naipagsama mo ang mga entry, maaari mong paghiwalayin ang mga iyon uli sa kalaunan.

Upang mag-link ng mga contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Hawakan nang matagal ang contact na gusto mong i-link sa isa pang contact, pagkatapos ay tapikin ang **I-link ang contact**.
- 3 Mula sa listahan na lilitaw, tapikin ang contact na ang impormasyon ay nais mong isama sa naunang contact, pagkatapos ay tapikin ang **OK** upang kumpirmahin. Idadagdag ang impormasyon sa unang contact sa ikalawang contact, at hindi na ipapakita ang unang contact sa listahan ng mga Contact.

Upang paghiwalayin ang mga naka-link na contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin nang matagal ang naka-link na contact na nais mong i-edit, pagkatapos ay tapikin ang **I-edit ang contact**.
- 3 Tapikin ang **I-unlink contact**.
- 4 Tapikin ang **OK**.

Mga Paborito

Maaari mong markahan ang mga contact bilang mga paborito upang maaari kang makakuha ng mabilis na access sa kanila mula sa application na Mga Contact.

Upang markahan o i-unmark ang contact bilang isang paborito

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Tapikin ang contact na gustong idagdag o alisin mula sa iyong mga paborito.
- 3 Tapikin ang .

Pakikipagkomunikasyon sa iyong mga contact

Upang maghanap para sa contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Ipasok ang naunang mga letra ng pangalan ng contact sa **Maghanap** na patlang. Lilitaw ang lahat ng mga contact na nagsisimula sa gayong mga letra.

Ang mabilisang contact na menu

Tapikin ang thumbnail ng isang contact upang matingnan ang mga pagpipilian sa mabilis na komunikasyon para sa isang partikular na contact. Kabilang sa mga pagpipilian ang

pagtawag sa contact, pagpapadala ng text o multimedia message, at pagsisimula ng chat gamit ang Google Talk™ application.

- ! Upang lumitaw ang isang application bilang pagpipilian sa madaliang contact na menu, maaaring kinakailangan mong i-set up ang application sa iyong telepono at naka-log in sa application. Halimbawa, kailangan mong simulan ang application na Gmail™ at ipasok ang iyong mga detalye sa pag-login bago mo maaaring gamitin ang Gmail™ mula sa mabilisang contact na menu.

Pagbabahagi ng iyong mga contact

Upang maipadala ang iyong business card

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Tapikin ang **Ako**.
- 3 Pindutin ang , at pagkatapos tapikin ang **Ipadala contact** > **OK**.
- 4 Pumili ng magagamit na paraan ng paglipat at sundin ang mga tagubilin sa screen.

Upang magpadala ng contact

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Tapikin ang contact na nais mong ipadala ang mga detalye.
- 3 Pindutin ang , at pagkatapos tapikin ang **Ipadala contact** > **OK**.
- 4 Pumili ng magagamit na paraan ng paglipat at sundin ang mga tagubilin sa screen.

Upang magpadala ng maraming mga contact ng minsanan

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin ang , pagkatapos ay i-tap ang **Ipadala ang mga contact**.
- 3 Markahan ang mga contact na nais mong ipadala, o piliin lahat kung nais mong ipadala ang lahat ng contact.
- 4 Tapikin ang **Ipadala**, at tapikin pagkatapos ang **OK** upang makumpirma.
- 5 Pumili ng magagamit na paraan ng paglipat at sundin ang mga tagubilin sa screen.

Pag-back up ng mga contact

Maaari kang gumamit ng memory card, SIM card o online na tool sa pag-synchronise tulad ng Microsoft® Exchange ActiveSync® upang mag-back up ng mga contact.

Upang ma-export ang lahat ng mga contact sa memory card

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin ang , at pagkatapos tapikin ang **Back up contact** > **SD card**.
- 3 I-tap ang **OK**.

Upang mag-export ng mga contact sa isang SIM card

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , tapikin pagkatapos ang .
- 2 Pindutin ang , at pagkatapos tapikin ang **Back up contact** > **SIM card**.
- 3 Markahan ang mga contact na nais mong i-export, o tapikin ang **Markahan lahat** kung nais mong i-export ang lahat ng mga contact.
- 4 Tapikin ang **Back up**.
- 5 Piliin ang **Magdagdag ng mga contact** kung nais mong idagdag ang mga contact sa umiiral na mga contact sa iyong SIM card, o piliin ang **Palitan ang lahat ng contact** kung nais mong palitan ang umiiral na mga contact sa iyong SIM card.

- ! Kapag nag-export ka ng contact sa isang SIM card, maaaring hindi lahat ng impormasyon ay ma-export. Ito ay sanhi ng mga limitasyon ng memorya ng mga SIM card.

Pagmemensahe

Paggamit ng text at multimedia na messaging

Maaari kang magpadala at makatanggap ng mga text message mula sa iyong telepono gamit ang SMS (Short Message Service). Kung kabilang sa iyong subscription ang MMS (Multimedia Messaging Service), maaari ka ring magpadala at makatanggap ng mga mensahe na naglalaman ng mga media file, halimbawa, mga larawan at video. Nag-iiba ang bilang ng mga character na mapapadala mo sa isang text message depende sa operator at sa wikang iyong ginagamit. Kapag lumagpas ka sa limitasyon ng character, ipapadala at ili-link kung magkagayon ang lahat ng iyong nag-iisang mensahe. Sinisingil ka para sa bawat isahang text message na iyong ipinapadala. Kapag iyong tiningnan ang iyong mga mensahe, lumilitaw sila bilang mga pag-uusap, na nangangahulugang ang lahat ng mga mensahe papunta at galing sa isang partikular na tao ay magkakasamang nakagrupo.

Makuha ang higit sa iyong music player. Makinig sa at ayusin ang musika, mga audio book at podcast na iyong inilipat sa iyong memory card mula sa isang computer, o binili at na-download mula sa mga online na tindahan.

Upang gawing madaling available ang nilalaman sa music player, magagamit mo ang Media Go™ na application. Ang Media Go™ ay tumutulong sa paglipat ng nilalaman ng musika sa pagitan ng isang computer at isang telepono. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang *Pagkonekta sa iyong telepono sa isang computer* sa pahinang 122.

Pagkopya ng mga file ng media sa iyong memory card

Kopyahin lahat ng iyong mga paboritong nilalaman ng media mula sa computer tungo sa telepono at simulang gamitin ang mga tampok ng libangan sa telepono ng lubos. Madali ang paglipat ng musika, mga larawan, mga video at ibang mga file. Ikonekta lamang ang iyong telepono sa computer gamit ang USB cable at gamitin ang isa sa mga sumusunod na mga paraan:

- Gumamit ng file manager na application, halimbawa, ang Windows Explorer. Tingnan ang *Upang maglipat ng nilalaman sa pagitan ng telepono at computer gamit ang USB cable* sa pahina 122
- Gamitin ang Media Go™ computer na application. Tingnan ang *Media Go™* sa pahina 123

Tingnan ang *Pagkonekta sa iyong telepono sa isang computer* sa pahina 122 para sa higit pang pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagkonekta sa iyong telepono at paglipat ng mga file.

Paggamit ng music player

Upang mag-play ng nilalaman ng audio

- 1 Mula sa iyong screen na Home screen, tapikin ang **Media** >  upang buksan ang music player. Kung hindi ipinapakita ang , tapikin ang , pagkatapos ay hanapin at tapikin ang .
- 2 Tapikin ang  upang mabuksan ang music player.
- 3 Tapikin ang  upang i-browse ang audio ayon sa artist. Tapikin ang  upang mag-browse ayon sa album. Tapikin ang  upang mag-browse kada playlist. Tapikin ang  upang i-browse ang audio ayon sa track.
- 4 Upang mag-browse sa isang track, mag-scroll ng pataas o pababa.
- 5 Tapikin ang isang track upang i-play ito.

Pangkalahatang ideya sa music player



- 1 Mag-browse ng musika sa iyong memory card
- 2 Tapikin ang button na infinite upang mahanap ang kaugnay na impormasyon nang online
- 3 Cover art (kung makukuha)
- 4 Pumunta sa naunang track sa kasalukuyang play queue, o rewind
- 5 Pindutan ng Play/Pause
- 6 Progress indicator – i-drag o tapikin upang mag-fast forward at mag-rewind
- 7 Lumipas na oras ng kasalukuyang track
- 8 Pumunta sa susunod na track sa kasalukuyang play queue, o fast forward
- 9 Tingnan ang kasalukuyang play queue

Upang magpalit ng mga track

- Sa music player, tapikin ang o ang .

Upang i-pause ang track

- Sa music player, tapikin ang .

Upang i-fast forward at i-rewind ang musika

- Sa music player, hapusin at hawakan nang matagal ang o ang .
- 💡 Maaari mo ring i-drag nang pakanan o pakaliwa ang progress indicator marker.

Upang ayusin ang volume ng audio

- Kapag nagpapatugtog ng track ang music player, pindutin ang volume key.

Upang paghusayin ang tunog gamit ang equalizer

- 1 Kapag bukas ang music player, pindutin ang .
- 2 Tapikin ang **Equalizer**.
- 3 Pumili ng istilo ng musika.

Upang tingnan ang kasalukuyang play queue

- Sa music player, tapikin ang .

Upang paliitin ang media player

- Kapag tumutugtog ang music player, pindutin ang  upang magtungo sa naunang screen, o pindutin ang  upang pumunta sa Home screen. Nananatiling tumutugtog sa background ang music player.

Upang bumalik sa music player kapag nagpe-play ito sa background

- 1 I-drag paibaba ang status bar upang buksan ang panel ng Abiso.
 - 2 Tapikin ang pamagat ng track upang buksan ang music player.
- 💡 Bilang kahalili, maaari mong pindutin at huwag bitawan ang  at tapikin ang  upang bumalik sa music player.

Upang magtanggal ng track

- 1 Buksan ang library ng music player at mag-browse sa track na nais mong tanggalin.
 - 2 Haplusin at huwag bitawan ang pamagat ng track, tapikin pagkatapos ang **Alisin**.
- 💡 Maaari ka ring mag-delete ng mga album sa ganitong paraan.

Upang magtanggal ng isa o higit pang mga track ng sabay

- 1 Sa music player, tapikin ang .
- 2 Pindutin ang .
- 3 Tapikin ang **Mag-alis ng ilan**.
- 4 Piliin ang isa o higit pang mga track na nais mong tanggalin.
- 5 Tapikin ang **Alisin**.

Upang ibahagi ang track

- 1 Kapag nagba-browse ng iyong mga track sa music player library, hawakan ng daliri at huwag bitawan ang isang pamagat ng track.
 - 2 Tapikin ang **Padala**.
 - 3 Pumili ng magagamit na paraan ng paglipat, at sundin ang mga tagubilin sa screen.
- 💡 Maaari ka aring magbahagi ng mga album at playlist sa ganitong paraan.
 - ! Maaaring hindi mo magawang makopya, mapadala o malipat ang mga item na protektado ng copyright.

Upang magbahagi ng isa o higit pang mga track ng sabay

- 1 Kapag bina-browse ang iyong mga track sa library ng music player, pindutin ang .
 - 2 Tapikin ang **Magpadala ng marami**.
 - 3 Tapikin ang isa o higit pang mga track na nais mong ibahagi.
 - 4 Tapikin ang **Padala**.
 - 5 Pumili ng magagamit na paraan ng paglipat, at sundin ang mga tagubilin sa screen.
- ! Maaaring hindi mo magawang makopya, mapadala o malipat ang mga item na protektado ng copyright.

Upang magrekumenda ng track sa Facebook™

- 1 Habang nagpe-play ang track sa music player, tapikin ang  upang ipakita na "Gusto" mo ito sa **Facebook™**. Kung nais, magdagdag ng komento sa field na mga komento.
- 2 Tapikin ang **Ibahagi** upang ipadala ang track sa **Facebook™**. Kung matagumpay na natanggap ang track, makakakuha ka ng mensahe sa pagkumpirma mula sa **Facebook™**.

Widget ng music player

Ang widget ng music player ay maliit na application na nagbibigay sa iyo ng direktang access sa music player mula sa iyong Home screen. Kailangan mong idagdag ang widget na ito sa iyong Home screen bago mo ito maaaring gamitin.

Upang idagdag ang widget na music player sa iyong Home screen

- 1 Mula sa iyong Home screen, pindutin ang .
- 2 Tapikin ang **Idagdag > Mga Widget**.
- 3 Tapikin ang **Music player**.

Pagtuklas ng mga kaugnay na nilalamang audio

Sa music player, maaari kang makatuklas ng nilalamang audio na nauugnay sa artist na pinakikinggan mo sa pamamagitan ng pagtapik sa button na Infinite .

Maaari ka ring maghanap ng nilalamang audio na nauugnay sa isang partikular na artist habang bina-browse mo ang music player. Hinahanap ng music player at inililista ang mga sumusunod na uri ng mga resulta:

- Mga music video sa YouTube™
- Impo ng artist sa Wikipedia
- Mga lyrics sa Google
- Mga karaoke video sa YouTube™
- Mga paghahanap ng extension sa web

Pag-play ng musika sa random order

Maaari kang mag-play ng mga track sa playlist sa random order. Halimbawa, ang playlist, ay isang playlist na nilikha mo mismo o isang album.

Upang mag-play ng mga track sa random order

- 1 Sa music player, tapikin ang .
 - 2 Tapikin ang  at mag-navigate sa isang album, o tapikin ang  at mag-browse sa playlist.
 - 3 Buksan ang album o playlist sa pamamagitan ng pagtapik ng pangalan nito.
 - 4 Tapikin ang .
- 💡 Maaari mo ring tapikin ang  at i-shuffle ang lahat ng mga track sa listahan.

Mga Playlist

Awtomatikong bumubuo ang music player ng **Smart na mga playlist** sa playlist tab  sa music player library. Lumilikha rin ang music player ng playlist (na tinatawag na **Madalas pine-play**) ng pinaka-pinapatugtog na mga musika ng bawat artist sa iyong audio library. Maaari mong likhain ang iyong mga sariling playlist mula sa musika sa iyong memory card.

Bilang karagdagan, maaari kang kumopya ng mga playlist mula sa isang computer papunta sa memory card kung mayroon ka ng Media Go™ na application na naka-install sa iyong computer. Kapag ikinonekta mo at na-mount ang iyong telepono sa computer gamit ang koneksyong USB cable, lilitaw ang iyong memory card sa application na Media Go™ sa computer. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang *Pagkonekta sa iyong telepono sa isang computer* sa pahina 122.

Upang mag-play ng mga smart playlist

- 1 Sa music player, tapikin ang .
- 2 Tapikin ang .
- 3 Sa ilalim ng **Smart na mga playlist**, tapikin ang isang playlist.
- 4 Tapikin ang isang track upang i-play ito.

Upang i-play ang pinaka pinapatugtog na mga kanta ng isang artist

- 1 Sa music player, tapikin ang .
- 2 Tapikin ang  at tapikin ang isang artist.
- 3 Tapikin ang **Nangungunang track**. Hanggang sa sampung mga track ng artist ang ipapakita.
- 4 Tapikin ang track upang mag-play ito.

Upang bumuo ng iyong sariling mga playlist

- 1 Sa music player, tapikin ang .
- 2 Upang magdagdag ng artista, album o track sa isang playlist, hapusin at hawakan ang pangalan ng artista o ang pamagat ng album o track upang magbukas ng menu.
- 3 Tapikin ang **Idagdag sa playlist > Lumikha ng bagong playlist**.
- 4 Magpasok ng pangalan para sa playlist at tapikin ang **OK**. Nakagawa ka na ngayon ng isang playlist at naidagdag ang isang artista, album o track sa playlist na iyon. Tingnan ang iyong mga playlist sa pagtapik sa  sa library ng music player.

Upang magdagdag ng mga track sa isang playlist

- 1 Kapag bina-browse ang music player library, hapusin at huwag bitiwang pangalan ng artista o ang pamagat ng album o track na nais mong idagdag.
- 2 Tapikin ang **Idagdag sa playlist**.
- 3 Tapikin ang pangalan ng playlist na nais mong idagdag ang artista, album o track. Ang artista, album o track ay idinagdag sa playlist.

Upang i-play ang iyong sariling mga playlist

- 1 Sa music player, tapikin ang .
- 2 Tapikin ang .
- 3 Sa ilalim ng **Aking mga playlist**, tapikin ang isang playlist.
- 4 Tapikin ang track upang mag-play ito.

Upang tanggalin ang isang track mula sa playlist

- 1 Sa isang playlist, hapusin at huwag bitiwang pamagat ng track na nais mong tanggalin.
- 2 Tapikin ang **Tanggalin mula sa playlist**.

Upang magtanggal ng playlist

- 1 Sa music player, tapikin ang , pagkatapos ay piliin ang **Mga Playlist....**
- 2 Pindutin nang matagal ang playlist na nais mong tanggalin.
- 3 Tapikin ang **Alisin**.
- 4 Tapikin ang **Alisin** muli upang kumpirmahin.

Pagtukoy sa musika gamit ang TrackID technology

Gamitin ang serbisyo ng pagkilala ng musika ng TrackID™ upang kumilala ng track ng musikang iyong naririnig sa iyong kapaligiran. Magrekord lamang ng isang maikling sample ng kanta at makakakuha ka ng impormasyon ng artist, pamagat at album sa loob ng ilang segundo. Makakabili ka ng mga track na tinukoy ng TrackID™ at matitingnan ang mga chart ng TrackID upang tingnan kung anong hinahanap ng mga user ng TrackID sa buong mundo. Para sa pinakamahusay na mga resulta, gumamit ng TrackID™ na teknolohiya sa tahimik na lugar. Kung mayroon kang mga problema sa paggamit ng application na ito, tingnan ang *Hindi ako makagamit ng mga serbisyong batay sa Internet* sa pahinang 142.

- ! Ang TrackID™ na application at TrackID™ na serbisyo ay hindi suportado sa lahat ng mga bansa/ rehiyon, o sa pamamagitan ng lahat ng mga network at/o mga service provider sa lahat ng lugar.

Upang buksan ang TrackID™ application

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at i-tap ang **TrackID™** .
- 💡 Magagamit mo rin ang TrackID™ widget upang buksan ang **TrackID™** na application.

Upang maghanap ng impormasyon ng track gamit ang TrackID™

- 1 Kapag ang **TrackID™** na application ay bukas, hawakan ang telepono papunta sa pinanggagalingan ng musika.
- 2 Tapikin ang **Irekord**. Kung nakilala ang track ng serbisyo ng TrackID™, lilitaw ang mga resulta sa screen.

Upang tumingin ng mga chart ng TrackID™

- 1 Kapag nakabukas ang aplikasyon na **TrackID™**, tapikin ang  na tab. Sa unang pagkakataon na tumingin ka ng isang chart, nakatakda ito sa iyong sariling rehiyon.
- 2 Upang makita ang mga chart ng pinakapopular na mga paghahanap sa ibang mga rehiyon, tapikin ang  > **Rehiyon**.
- 3 Pumili ng bansa o rehiyon.

Paggamit ng mga resulta ng TrackID™ technology

Lumilitaw ang impormasyon ng track kapag nakilala ng application na TrackID™ ang isang track. Maaari mong piliing bilhin ang track o ibahagi ito gamit ang email o SMS. Maaari ka ring makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa artist ng track.

Upang bumili ng track gamit ang TrackID™ na teknolohiya

- 1 Kapag nakabukas ang aplikasyon na **TrackID™**, tapikin ang pamagat ng track.
 - 2 Sa information screen ng track, tapikin ang **I-download**.
 - 3 Sundan ang mga tagubilin sa iyong telepono upang makumpleto ang iyong pagbili.
- ! Ang tampok na pagbili ng track ay maaaring hindi suportado sa lahat ng mga bansa/ rehiyon, o ng lahat ng mga network at/o mga service provider sa lahat ng lugar.

Upang magbahagi ng track gamit ang email o SMS

- 1 Kapag nakabukas ang aplikasyon na **TrackID™**, tapikin ang pamagat ng track.
- 2 Pumili ng paraan sa pagbabahagi.
- 3 Sundin ang mga tagubilin sa iyong telepono upang kumpletuhin ang pamamaraan.

Upang tingnan ang impormasyon ng artist para sa isang track

- 1 Kapag nakabukas ang aplikasyon na **TrackID™**, tapikin ang pamagat ng track.
- 2 Tapikin ang **Impo ng artist**.

Upang magtanggag ng track mula sa kasaysayan ng track

- 1 Kapag nakabukas ang application na **TrackID™**, tapikin ang pamagat ng track.
- 2 Tapikin ang **Magtanggag**.
- 3 Tapikin ang **Oo** sa popup na window.

Paggamit ng TrackID™ upang tumukoy ng mga track sa FM Radio

Magagamit mo ang **TrackID™** technology upang kumilala ng mga track ng musika habang nagpe-play ang mga ito sa FM radio ng iyong telepono at maibabahagi ang mga ito sa **Facebook**.

Upang kilalanin ang isang track sa FM radio gamit ang TrackID™

- 1 Ikonekta ang isang wired na handsfree o mga headphone sa iyong telepono.
 - 2 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 3 Hanapin at tapikin ang **FM radio** . Lilitaw ang mga magagamit na channel sa iyong pag-scroll sa frequency band.
 - 4 Habang nagpe-play ang isang kanta sa FM radio, tapikin ang .
 - 5 Sina-sample ng application na TrackID™ ang kanta. Kung nakilala ang track, papakitaan ka ng resulta ng track.
- ! Maaaring hindi sinusuportahan ang tampok na ito sa lahat ng bansa/rehiyon, o ng lahat ng network at/o service provider sa lahat ng lugar.


FM radio

Maaari kang mag-browse at makinig sa mga istasyon ng FM radio, at i-save ang mga iyon bilang mga paborito. Maaari kang makinig sa radyo alinman sa pamamagitan ng madaling gamiting handsfree o headphone, o sa pamamagitan ng speaker sa telepono. Kailangan mong ikonekta ang madaling gamiting handsfree o headphone, dahil gumagana ang mga iyon bilang antenna para sa FM radio. Kapag binuksan mo ang FM radio, awtomatikong lalabas ang mga magagamit na channel. Kung mayroong impormasyong RDS ang isang channel, lalabas ito ilang segundo pagkatapos mong magsimulang makinig.

Upang buksan ang FM radio

- 1 Ikonekta ang portable handsfree o isang set ng mga headphone sa iyong telepono.
 - 2 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 3 Hanapin at tapikin ang **FM radio** . Lilitaw ang mga magagamit na channel sa iyong pag-scroll sa frequency band.
- ! Kailangan mong magkabit ng portable handsfree o mga headphone na gagana bilang antenna.

Pangkalahatang-ideya sa FM radio



- | | |
|---|--|
| 1 | Lumipat pataas sa nakaraang paborito (magagamit kapag naka-save ang mga paborito) |
| 2 | Ang naka-tune na frequency |
| 3 | Mag-save o mag-alis ng channel bilang isang paborito |
| 4 | Lumipat pababa sa susunod na paborito (magagamit kapag naka-save ang mga paborito) |
| 5 | Isang na-save na paboritong channel |
| 6 | Key para sa pagbukas/sara ng radyo |
| 7 | Impormasyong RDS (Radio Data System) – hindi magagamit sa lahat ng mga bansa/rehiyon |
| 8 | Buksan ang TrackID™ application |

Paglipat sa mga channel sa radyo

Maaari kang lumipat sa pagitan ng mga channel sa radyo sa tabi ng frequency band sa pamamagitan ng:

- Pag-flick pataas at pababa.
- Pag-drag.
- Pagtapik sa channel o, kung magagamit, ang RDS information (pagkilanlan sa himpilan).

Paggamit sa iyong mga paboritong channel sa radyo

Maaari mong i-save ang mga channel sa radyo na iyong pinakamadalas na pinakikinggan bilang mga paborito. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga paborito mabilis kang makakabalik sa channel ng radyo.

Upang mag-save ng channel bilang isang paborito

- 1 Kapag nakabukas ang radyo, mag-navigate sa channel na gusto mong i-save bilang isang paborito.
- 2 Tapikin ang .

Upang mag-alis ng channel bilang isang paborito

- 1 Kapag nakabukas ang radyo, mag-navigate sa channel na gusto mong alisin bilang isang paborito.
- 2 Tapikin ang .

Upang lumipat sa pagitan ng mga paboritong channel

- Kapag nakabukas na ang radyo, tapikin ang  o .
- ! Upang lumipat sa pagitan ng mga paborito, kailangan mong mag-save nang hindi bababa sa dalawang channel bilang mga paborito.

Paggawa ng bagong paghahanap para sa mga channel sa radyo

Kung lumipat ka sa isang bagong lokasyon o bumuti ang reception sa iyong kasalukuyang lokasyon, maaari kang magsimula ng bagong pag-scan para sa mga channel ng radyo.

- ! Hindi maaapektuhan ang anumang mga paboritong iyong na-save ng bagong pag-scan.

Upang magsimula ng bagong paghahanap para sa mga channel ng radyo

- 1 Kapag bukas ang radyo, pindutin ang .
- 2 Tapikin ang **Mghnap ng mga channel**. Ii-scan ng radyo ang buong frequency band, at ipapakita ang lahat ng mga magagamit na channel.

Paglipat sa pagitan ng speaker at handsfree

Maaari mong piliing makinig sa radyo alinman sa pamamagitan ng madaling gamiting handsfree o headphones, o sa pamamagitan ng speaker sa telepono.

Upang magpalipat-lipat sa pagitan ng speaker at handsfree

- 1 Kapag bukas ang radyo, pindutin ang .
- 2 I-tap ang **I-play sa speaker**.
- 3 Upang patugtugin ang tunog sa pamamagitan ng madaling gamiting handsfree o headphones muli, pindutin ang  at i-tap ang **I-play sa handsfree**.

Pagkilala sa mga radio track gamit ang TrackID™

Gamitin ang **TrackID™** technology upang makilala ang mga music track habang tumutugtog ang mga ito sa iyong FM radio.


Upang tumukoy ng isang kanta sa FM radio gamit ang TrackID™

- 1 Habang tumutugtog ang isang kanta sa FM radio ng iyong telepono, tapikin ang .
 - 2 Lumilitaw ang isang tagasaad ng pag-usad habang ginagawan ng application na TrackID™ ng sample ang kanta. Kung matagumpay, ipapakita sa iyo ang resulta ng track, o listahan ng posibleng mga track.
 - 3 Pindutin ang  upang bulalik sa FM radio.
- ! Ang TrackID™ na application at TrackID™ na serbisyo ay hindi suportado sa lahat ng mga bansa/ rehiyon, o sa pamamagitan ng lahat ng mga network at/o mga service provider sa lahat ng lugar.

Pagkuha ng mga larawan at pagrekord ng mga video

Mayroon ang camera ng iyong telepono ng napakasensitibong Exmor R sensor, na nagbibigay-daan sa mga sharp na photo at video kahit sa mga kundisyong kaunti ang ilaw. Gamit ang camera ng iyong telepono, maaari kang kumuha ng mga regular na 2D na larawan o maaari kang kumuha ng mga 3D na larawan sa mode na 3D Sweep Panorama™. Ipadala ang iyong mga larawan at video sa mga kaibigan bilang mga multimedia message, o i-upload ang mga iyon sa isang serbisyo sa web.

Pangkalahatang-ideya ng mga kontrol ng camera



- | | |
|---|--|
| 1 | Key ng camera – I-aktibo ang camera/Kumuha ng mga larawan/Magrekord ng mga video |
| 2 | Lumipat sa pagitan ng still at video camera |
| 3 | Ipakita ang lahat ng setting |
| 4 | Kumuha ng mga larawan o magrekord ng mga video clip |
| 5 | Bumalik ng isang hakbang o i-exit ang camera |
| 6 | Tingnan ang mga larawan at video |
| 7 | Mga icon ng setting ng camera |
| 8 | Mag-zoom in o out |
| 9 | Screen ng pangunahing camera |

Upang buksan ang kamera

- Kapag aktibo ang screen, pindutin nang matagal ang key ng camera.

Upang isara ang kamera

- Pindutin ang  mula sa pangunahing screen ng camera.

Paggamit ng still camera

May tatlong paraan upang kumuha ng mga larawan gamit ang still camera. Maaari mo ring pindutin ang camera key, tapikin ang button ng camera sa screen, o hawakan ang bahagi sa screen.

Upang kumuha ng litrato gamit ang camera key

- 1 I-aktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang still camera, i-drag  sa .
- 3 Pindutin ang camera key nang kalahati upang isaaktibo ang auto-focus.
- 4 Kapag naging green na ang focus frame o mga frame, ganap na pindutin ang camera key.

Upang kumuha ng larawan sa pamamagitan ng pagpindot sa screen

- 1 Isaaktibo ang camera.
 - 2 Kung hindi napili ang still camera, i-drag  sa .
 - 3 Upang ipakita ang lahat ng mga setting, pindutin ang .
 - 4 Tapikin ang **Paraan ng pagkuha** at piliin ang **Touch capture** kung hindi pa ito napili.
 - 5 Itutok ang camera patungo sa paksa.
 - 6 Upang i-aktibo ang auto focus, i-touch at tagalan ang isang lugar sa screen. Kapag naging berde ang focus frame, iangat ang iyong daliri upang kumuha ng litrato.
- ! Inatang huwag mahawakan ang ,  o ibang mga icon kapag pinipindot ang screen upang kumuha ng larawan.

Upang kumuha ng larawan sa pamamagitan ng pagtapik sa on-screen na pindutan

- 1 Isaaktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang still camera, i-drag  sa .
- 3 Upang ipakita ang lahat ng mga setting, pindutin ang .
- 4 Tapikin ang **Paraan ng pagkuha** at piliin ang **Nasa screen na pindutan** kung hindi pa ito napili.
- 5 Itutok ang camera patungo sa paksa.
- 6 Tapikin ang on-screen na pindutan . Kukuha ng litrato kaagad sa pagbitaw ng iyong daliri.

Upang gamitin ang zoom function

- Kapag bukas ang camera, pindutin ang volume key pataas o pababa upang mag-zoom in o out.

Upang gamitin ang flash ng still na kamera

- 1 Kapag bukas ang camera, pindutin ang .
- 2 Tapikin ang **Flash**, at piliin ang iyong nais na setting ng flash.
- 3 Kunin ang litrato.

Upang tingnan ang iyong mga larawan at video

- 1 Buksan ang camera, pagkatapos ay tapikin ang thumbnail sa ibaba ng screen upang magbukas ng larawan o video.
 - 2 Mag-flick pakaliwa o pakanan upang tingnan ang iyong mga larawan at video. Ang mga video ay kinilala ng .
- 💡 Sa hakbang 1, maaari mo ring i-flick ang mga thumbnail mula kanan pakaliwa at pagkatapos ay piliin ang nais mong tingnan.

Upang magtanggal ng litrato

- 1 Buksan ang litratong gusto mong tanggalin.
- 2 Pindutin ang , at pagkatapos ay i-tap ang .

Face detection

Maaari mong gamitin ang face detection upang ma-focus ang off-centre. Awtomatikong nade-detect ng kamera ang hanggang limang mga mukha, na ipinapahiwatig ng mga puting frames. Ipinapakita ng dilaw na frame kung aling mukha ang napili para sa focus. Naka-set ang focus sa mukha na pinakamalapit sa kamera. Maaari mo ring tapikin ang isa sa mga frame upang pumili kung aling mukha ang dapat naka-focus.

Upang i-on ang face detection

- 1 Isaaktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang still camera, i-drag  sa .
- 3 Tapikin ang icon sa kaliwang tuktok, pagkatapos ay piliin ang **Normal**.
- 4 Upang ipakita ang lahat ng mga setting, pindutin ang .
- 5 I-tap ang **Mode ng pag-focus > Deteksyon ng mukha**.

Upang kumuha ng litrato gamit ang face detection

- 1 Kapag bukas ang camera at naka-on ang **Deteksyon ng mukha**, itutok ang camera sa iyong paksa. Maaaring makita ang hanggang sa limang mukha, at naka-frame ang bawat nakitang mukha.
- 2 Pindutin ang camera key ng bahagya. Ipinapakita ng berdeng kwadro kung aling mukha ang naka-focus.
- 3 Upang kunan ng litrato, ganap na pinduting ang camera key.

Smile detection

Pinapahintulutan ka ng smile detection na makakuha ng mukha kapag ito'y ngumiti. Nakaka-detect ang kamera ng hanggang limang mukha at pumipili ng isang mukha para sa pag-detect ng ngiti at auto focus. Ipinapakita ng berdeng kuwadro kung aling mukha ang pinipili. Kapag ngumiti ang napiling mukha, awtomatikong kukuha ng litrato ang kamera.

Upang i-on ang smile detection

- 1 I-aktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang still camera, i-drag  sa .
- 3 Upang ipakita ang lahat ng mga setting, pindutin ang .
- 4 Tapikin ang **Deteksyon ng ngiti** at pumili ng antas ng ngiti.

Upang kumuha ng litrato gamit ang smile detection

- 1 Kapag bukas ang camera at naka-on ang **Deteksyon ng ngiti**, itutok ang camera sa iyong paksa. Mafe-frame sa viewfinder ang bawat nakitang mukha (hindi hihigit sa limang mukha).
- 2 Pipiliin ng kamera kung aling mukha magpo-focus.
- 3 Lilitaw ang mukhang napili sa loob ng isang berdeng frame at awtomatikong makukuha ang larawan.
- 4 Kung walang nakitang ngiti, pindutin ang camera key upang manu-manong kumuha ng larawan.

Pagdaragdag ng pangheyograpikong posisyon sa iyong mga larawan

Buksan ang geotagging upang idagdag ang tinatayang pangheyograpikong lokasyon (isang geotag) sa mga larawan kapag kinuha mo ang mga ito. Ang pangheyograpikong lokasyon ay nababatid ng mga wireless na network (mobile o mga Wi-Fi® network) o ng GPS na teknolohiya.

Kapag lumitaw sa screen ng camera ang , naka-on ang geotagging ngunit hindi nakita ang pangheyograpikong posisyon. Kapag lumitaw ang , naka-on ang geotagging at available ang pangheyograpikong lokasyon, kaya maaaring ma-geotag ang iyong larawan. Kapag wala sa dalawang simbolong ito ang lumitaw, naka-off ang geotagging.

Upang i-on ang geotagging

- 1 Isaaktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang still camera, i-drag  sa .
- 3 Pindutin ang , at pagkatapos tapikin ang **Geotagging > I-on**.
- 4 Tapikin ang **OK** upang sumang-ayon na paganahin ang GPS at/o mga wireless network.
- 5 Suriin ang mga pagpipiliang gusto mong piliin sa ilalim ng **Aking Lokasyon**.
- 6 Pagkatapos mong kumpirmahin ang iyong mga setting, pindutin ang  upang bumalik sa screen ng camera.
- 7 Kung lumitaw ang  sa screen ng camera, available ang iyong lokasyon at maaaring ma-geotag ang iyong lokasyon. Kung hindi, suriin ang iyong koneksyon sa GPS at/o sa wireless network.

Paggamit ng mga setting ng still camera

Upang i-adjust ang mga setting ng still camera

- 1 Isaaktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang still camera, i-drag  sa .
- 3 Tapikin ang isa sa mga icon ng mga setting sa kaliwa ng screen.
- 4 Upang ipakita ang lahat ng mga setting, pindutin ang .
- 5 Piliin ang setting na nais mong isaayos, pagkatapos ay i-edit ayon sa gusto.

Upang i-customise ang panel ng mga setting ng still camera

- 1 Kapag bukas ang still camera, pindutin ang  upang ipakita ang lahat ng mga setting.
 - 2 Haplusin at huwag bitiwang ang setting na nais mong ilipat at i-drag ito sa nais na posisyon.
-  Kung i-drag mo ang setting sa labas ng panel ng mga setting, makakansela ang mga pagbabago.

Pangkalahatang-ideya sa mga setting ng still camera



Pagkilala ng eksena

Tutukuyin ng camera kung aling eksena ang pinaka-naaangkop. May lilitaw na icon ng eksena at teksto kapag may napiling eksena.



Normal



3D Sweep Panorama

Hinahayaan ka ng 3D Sweep na Panorama™ na kumuha ng mga wide-angle, panoramic na larawan ng anumang eksena sa 3D. Pindutin lang ang key ng camera at galawin ang camera nang steady mula sa isang bahagi patungo sa kabila.



Sweep Panorama

Gamitin ang setting na ito upang kumuha ng mga wide-angle, panoramic na larawan. Pindutin lang ang key ng camera at galawin ang camera nang steady mula sa isang bahagi patungo sa kabila.

Mode ng pag-focus

Kinokontrol ng focus function kung aling parte ng larawan ang dapat na matalas. Kapag naka-on ang continuous autofocus, patuloy na nag-a-adjust ang focus ng camera kaya ang lugar na nasa loob ng puting photo frame ay nananatiling matalas.



Single auto focus

Awtomatikong nagpo-focus ang camera sa piniling paksa. Naka-on ang continuous autofocus. Hawakan nang matagal ang screen ng camera, magiging berde ang puting focus frame kapag nai-set ang focus. Makukuha ang larawan sa pagbitaw ng iyong daliri.



Multi auto focus

Awtomatikong naka-set ang focus sa maraming bahagi ng imahe. Hawakan nang matagal ang screen ng camera, magiging berde ang puting focus frame kapag nai-set ang focus. Makukuha ang larawan sa pagbitaw ng iyong daliri. Naka-off ang patuloy na autofocus.



Deteksyon ng mukha

Awtomatikong nade-detect ng camera ang hanggang limang mga mukha ng tao, na ipinapahiwatig ng mga frame sa screen ng camera. Awtomatikong nagpo-focus ang kamera sa pinakamalapit na mukha. Maaari ka ring pumili kung sa aling mukha magpo-focus sa pagtapik nito sa screen. Hawakan nang matagal ang screen ng camera, magiging berde ang puting focus frame kapag nai-set ang focus. Makukuha ang larawan sa pagbitaw ng iyong daliri. Hindi magagamit ang face detection para sa lahat ng mga uri ng eksena. Naka-on ang continuous autofocus.



Infinity

Gamitin kapag kukuha ng mga larawan mula sa kalayuan. Ang focus ay naka-set sa mga paksa na malayo. Ang mga paksa na malapit sa kamera ay maaaring malabo. Naka-off ang patuloy na autofocus.



Touch focus

Hawakan ang isang tukoy na bahagi ng screen ng camera upang i-set ang bahaging ifo-focus. Naka-off ang patuloy na autofocus. Hawakan nang matagal ang screen ng camera, magiging berde ang puting focus frame kapag nai-set ang focus. Makukuha ang larawan sa pagbitaw ng iyong daliri.

! Available lang ang setting na ito sa **Normal** na mode ng pagkuha.

Halaga ng exposure



Tukuyin ang dami ng liwanag sa larawang gusto mong kunin. Ipinapahiwatig ng mas mataas na halaga ang tumaas na dami ng liwanag.

! Available lang ang setting na ito sa **Normal** na mode ng pagkuha.

Metering

Awtomatikong tinutukoy ng pag-andar na ito ang mahusay na nabalanseng exposure sa pamamagitan ng pagsukat sa dami ng liwanag na pumapasok sa larawang gusto mong kunan.



Gitna

Ayusin ang exposure sa gitna ng imahe.



Katamtaman

Kalkulahin ang exposure base sa dami ng liwanag na pumapasok sa buong imahe.



Spot

I-adjust ang exposure sa napakaliit na bahagi ng imaheng gusto mong kunan.

! Available lang ang setting na ito sa **Normal** na mode ng pagkuha.

White balance

Ina-adjust ng setting ng white balance ang balanse ng kulay ayon sa mga kundisyon ng liwanag.



Auto

Awtomatikong i-adjust ang balanse ng kulay sa kondisyon ng liwanag.



Incandescent

I-adjust ang balanse ng kulay para sa mga kalagayan na warm lighting, tulad ng sa ilalim ng mga light bulb.



Fluorescent

I-adjust ang balanse ng kulay para sa fluorescent na ilaw.



Maaraw

I-adjust ang balanse ng kulay para sa maaraw na kalagayan sa labas.



Maulap

I-adjust ang balanse ng kulay kung maulap.

! Available lang ang setting na ito sa **Normal** na mode ng pagkuha.

Image stabiliser

Kapag kumukuha ng larawan, maaaring mahirap hawakan ang telepono nang matatag. Tinutulungan ka ng stabilizer sa pamagitan ng pag-compensate sa mga kaunting paggalaw ng kamay.



I-on

Naka-on ang stabiliser ng imahe. Mas matagal ma-save ang mga nakuhang imahe kapag naka-on ang pag-andar na ito.



I-off

Kumuha ng larawan nang naka-off ang stabiliser.

! Available lang ang setting na ito sa **Normal** na mode ng pagkuha at **Camera sa harap** na mode ng pagkuha.

Mga Eksena

Gamitin ang Mga tampok ng eksena upang mabilis na i-set up ang camera para sa mga karaniwang sitwasyon gamit ang mga pre-program na eksena. Tinutukoy ng camera ang ilang setting upang maangkop mo ang napiling eksena, sinisiguro ang pinakamagandang larawan hangga't maaari.



I-off

Nakapatay ang tampok na Scenes at maaaring kumuha ng litrato ng manu-mano.



Portrait

Gamitin para sa mga portrait na larawan. Ang mga setting ay pinainam upang magbigay ng bahagyang mas malambot na mga skin tone.



Landscape

Gamitin para sa mga landscape na larawan. Ang kamera ay nagpo-focus sa mga malayong bagay. Kapag napili ang **Landscape**, pinapalitan ang focus mode sa **Infinity**.



Eksenang panggabi

Ginagamit kapag kumukuha ng mga larawan sa gabi o sa hindi maliwanag na paligid (walang flash). Dahilan sa tagal ng pagkalantad, ang camera ay dapat na hawakan na di gumagalaw o nakalagay sa patag na patunganan. Kapag napili ang **Eksenang panggabi**, pinapalitan ang focus mode sa **Infinity**.



Panggaging portrait

Gamitin para sa mga portrait na larawan o sa mga madilim na kapaligiran (mayroon o walang flash). Dahilan sa tagal ng pagkalantad, ang camera ay dapat na hawakan na di gumagalaw o nakalagay sa patag na patunganan.



Dagat at nyebe

Gamitin sa mga maliwanag na kapaligiran upang maiwasan ang mga underexposed na larawan.



Pampalakasan

Ginagamit para sa pagkuha ng larawan ng mga bagay na mabilis na gumagalaw. Pinapaliit ng maikling oras ng exposure ang pag-blur ng pagkilos.



Party

Gamitin para sa mga pangloobang litrato sa hindi gaanong maliwanag na mga kapaligiran. Nakakakuha ang eksena ng ito ng pangloobang background na liwanag o liwanag ng kandila. Dahilan sa tagal ng pagkalantad, ang camera ay dapat na hawakan na di gumagalaw o nakalagay sa patag na patunganan.



Dokumento

Gamitin para sa mga larawan ng teksto o mga guhit. Nagbibigay sa larawan ng mas mataas, mas matalas na contrast.

! Available lang ang setting na ito sa **Normal** na mode ng pagkuha.

Flash

Gamitin ang flash upang makakuha ng larawan kapag hindi maganda ang kondisyon ng liwanag o kapag mayroong liwanag sa likod



Auto

Awtomatikong tinutukoy ng camera kung ang mga kalagayan ng liwanag ay nangangailangang gumamit ng flash.



Fill flash

Gamitin ang setting na ito kapag mas maliwanag ang background kaysa sa subject. Tinatanggal nito ang mga hindi kanais-nais na madilim na anino.



I-off

Nakasara ang flash. Minsan ang kalidad ng larawan ay maaaring mas maganda na walang flash, kahit na madilim. Ang pagkuha ng larawan na hindi gumagamit ng flash ay nangangailangan ng hindi gumagalaw na kamay. Gamitin ang self-timer upang iwasan ang malalabong larawan.



Pambawas ng red-eye

Binabawasan ang mapulang kulay ng mata kapag kumukuha ng larawan.

Resolution

Pumili sa pagitan ng ilang mga laki ng litrato at mga aspect ratio bago kumuha ng litrato. Ang isang litratong may mas mataas na resolusyon ay nangangailangan ng mas malaking memorya.



5MP 4:3

5 megapixel laki ng litrato na may 4:3 aspect ratio. Naaangkop sa mga litrato na nais mong tingnan sa hindi-widescreen na mga display o i-print sa mataas na resolusyon.

**3MP 16:9**

3 megapixel laki ng litrato na may 16:9 aspect ratio. Ang mataas ang resolusyon na widescreen format. May mas mataas na resolusyon sa full HD. Naaangkop sa mga litrato na nais mong tingnan sa widescreen na mga display.

**2MP 4:3**

2 megapixel laki ng litrato na may 4:3 aspect ratio. Naaangkop sa mga litrato na nais mong tingnan sa hindi-widescreen na mga display.

**2MP 16:9**

2 megapixel laki ng litrato na may 16:9 aspect ratio. Naaangkop sa mga litrato na nais mong tingnan sa widescreen na mga display.

Self-timer

Sa self-timer maaari kang kumuha ng litrato na hindi hahawakan ang telepono. Gamitin ang function na ito upang kumuha ng mga self-portrait, o mga litrato ng grupo kung saan maaaring ang lahat ay nasa litrato. Maaari mo ring gamitin ang self-timer upang iwasan na alugin ang camera habang kumukuha ng mga litrato

**Naka-on (10 segundo)**

Nagse-set ng 10-segundong antala kapag pinindot ang screen ng camera hanggang sa makuha ang larawan.

**Naka-on (2 segundo)**

Nagse-set ng 2-segundong antala kapag pinindot ang screen ng camera hanggang sa makuha ang larawan.

**I-off**

Agad na makukuha ang larawan sa sandaling tapikin mo ang screen ng camera.

Deteksyon ng ngiti

Gamitin ang function ng smile detection upang matukoy kung sa anong uri ng ngiti nagre-react ang camera bago kumuha ng larawan.

**Malaking ngiti**

Kumuha lamang ng litrato kapag nakita ang isang malaking ngiti.

**Katamtamang ngiti**

Kumuha lamang ng litrato kapag nakita ang isang katamtamang ngiti.

**Maliit na ngiti**

Kumuha lamang ng litrato kapag nakita ang isang bahagyang ngiti.

**I-off**

Naka-off ang paggana ng smile detection.

Geotagging

Mag-tag ng mga litrato ng mga detalye kung saan mo kinunan ang mga ito

**I-on**

Kapag na-on ang pag-geotag, ang tinatayang lokasyong heyograpikal ay idadagdag sa mga larawan kapag kinunan mo ang mga ito. Upang magamit ang pag-geotag dapat mong paganahin ang mga tampok sa lokasyon sa **Mga setting** na menu.

Tingnan ang **Paggamit ng mga serbisyo ng lokasyon upang hanapin ang iyong posisyon** sa pahina 125.

Para maidagdag ang mga geotag sa isang litrato, kinakailangang matukoy ang lugar bago ka kumuha ng litrato. Matutukoy ang iyong lokasyon kapag lumitaw ang  sa screen ng camera. Kapag hinahanap ng telepono ang iyong posisyon, lilitaw ang .

**I-off**

Kapag nakapatay ang geotagging, hindi mo makikita ang lugar kung saan mo kinuha ang isang litrato

Tunog ng shutter

Piiing magkaroon o hindi ng tunog kapag kumukuha ng larawan.

Paraan ng pagkuha

Piliin ang paraang ginagamit mo upang kumuha ng mga larawan.

**Nasa screen na pindutan**

Kumuha ng larawan sa pamamagitan ng pagtapik sa button sa screen sa screen ng camera. Kumuha ng litrato kaagad sa pagbitaw ng iyong daliri.

**Touch capture**

Tukuyin ang partikular na lugar ng focus sa pamamagitan ng pagpindot sa screen ng camera gamit ang iyong daliri. Kumuha ng litrato kaagad sa pagbitaw ng iyong daliri. Nalalapat lang ito kapag naka-set ang mode sa pag-focus sa pag-focus sa pagpindot.

**Camera key lamang**

Kumuha ng larawan gamit lang ang hardware na key ng camera. Kumuha ng litrato kaagad sa pagbitaw ng iyong daliri.

Mga tip sa paggamit ng camera

Panuntunan ng tatluhan

Huwag ilagay ang iyong subject sa gitna ng frame. Sa pamamagitan ng paglalagay ng ikatlong bahagi nito papasok, makakakuha ka ng mas mahusay na resulta.

Hawakan ito nang matatag

Iwasan ang mga malabong larawan sa pamamagitan ng paghawak ng camera nang matatag. Subukang huwag igalaw ang iyong kamay sa pamamagitan ng pagsandal sa isang matibay na bagay.

Lumapit nang higit pa

Sa pamamagitan ng paglapit hangga't maaari sa iyong subject, maaari mong punuin ang view ng screen ng camera ng iyong subject.

Isaalang-alang ang pagkakaiba

Mag-isip ng iba't ibang mga angulo, at lumapit sa subject. Kumuha ng ilang patayong mga larawan. Sumubok ng iba't ibang mga posisyon.

Gumamit ng simpleng background

Ang isang simpleng background ay nakakatulong na i-highlight ang iyong subject.

Panatiliing malinis ang iyong lente

Ginagamit ang mga mobile phone sa lahat ng uri ng panahon at mga lugar, at madadala sa mga bulsa at bag. Nagreresulta ito na maging madumi ang lente ng kamera at magkaroon ng bakas ng mga daliri. Gumamit ng malambot na tela upang linisin ang lente.

Paggamit ng video camera

Upang irekord ang video gamit ang camera key

- 1 Isaaktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang video camera, i-drag  sa .
- 3 Upang simulan ang pagrekord ng video, pindutin ang camera key.
- 4 Upang itigil ang recording, pindutin ang camera key ulit.



I-shoot ang iyong mga video sa pahigang oryentasyon upang makuha ang pinakamahuhusay na resulta.

Upang irekord ang video sa pag-tap sa screen

- 1 Isaaktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang video camera, i-drag  sa .
- 3 Upang ipakita ang lahat ng mga setting, pindutin ang .
- 4 Tapikin ang **Paraan ng pagkuha** > **Touch capture** kung hindi pa ito napili.
- 5 Tapikin ang screen ng camera upang magsimulang mag-record.
- 6 Tapikin ang screen ng camera upang huminto sa pagrerekord.



I-shoot ang iyong mga video sa pahigang oryentasyon upang makuha ang pinakamahuhusay na resulta.

Upang magrekord ng video sa pamamagitan ng pagtapik sa pindutang nasa screen

- 1 Isaaktibo ang camera.
 - 2 Kung hindi napili ang video camera, i-drag  sa .
 - 3 Upang ipakita ang lahat ng mga setting, pindutin ang .
 - 4 Tapikin ang **Paraan ng pagkuha**, pagkatapos ay piliin ang **Nasa screen na pindutan** kung hindi pa ito napili.
 - 5 Itutok ang camera patungo sa paksa.
 - 6 Tapikin ang  upang simulan ang pagrekord.
 - 7 Tapikin ang  upang ihinto ang pagrekord.
-  I-shoot ang iyong mga video sa pahigang oryentasyon upang makuha ang pinakamahuhusay na resulta.

Upang mag-play ng mga na-record na video

- 1 I-aktibo ang camera.
 - 2 Kung hindi napili ang video camera, i-drag  sa .
 - 3 Tapikin ang mga thumbnail sa ibaba ng screen.
 - 4 Mag-flick pakaliwa o pakanan upang i-browse ang lahat ng mga file ng larawan at video. Ang mga video ay kinilala ng .
 - 5 Tapikin ang  upang mag-play ng video.
 - 6 Upang ihinto ang pag-play ng video, tapikin ang  o .
-  Maaari mo ring i-flick ang mga thumbnail mula kanan pakaliwa upang hanapin ang file na gusto mong i-play.

Upang magtanggap ng narekord na video

- 1 Mag-browse sa video na nais mong tanggalin.
- 2 Pindutin ang , pagkatapos ay i-tap ang .

Paggamit ng mga setting ng video

Upang i-adjust ang mga setting ng video kamera

- 1 Isaaktibo ang camera.
- 2 Kung hindi napili ang video camera, i-drag  sa .
- 3 Tapikin ang isa sa mga icon ng mga setting sa kaliwa ng screen.
- 4 Upang ipakita ang lahat ng mga setting, pindutin ang .
- 5 Piliin ang setting na nais mong isaayos, pagatapos ay gawin ang iyong mga pagbabago.

Upang i-customise ang panel ng mga setting ng video camera

- 1 Kapag bukas ang video camera, pindutin ang  upang ipakita ang lahat ng mga setting.
 - 2 Haplusin at huwag bitiwang ang setting na nais mong ilipat at i-drag ito sa nais na posisyon.
-  Kung i-drag mo ang setting sa labas ng panel ng mga setting, makakansela ang mga pagbabago.

Pangkalahatang-ideya sa mga setting ng video camera

Mga Eksena

Tumutulong ang tampok ng mga Eksena upang mabilis na i-set up ang kamera para sa mga karaniwang sitwasyon gamit ang mga pre-program na eksena. Tinutukoy ng camera ang ilang mga setting upang maangkop mo ang napiling eksena, sinisiguro ang pinakamagandang video hangga't maaari.



I-off

Naka-off ang tampok na Mga Eksena at maaari kang kumuha ng mga video nang manu-mano.



Portrait

Gamitin para sa mga portrait na mga video. Ang mga setting ay pinainam upang magbigay ng bahagyang mas malambot na mga skin tone.



Landscape

Ginagamit para sa mga video ng mga landscape. Ang kamera ay nagpo-focus sa mga malayong bagay. Kapag napili ang **Landscape**, pinapalitan ang focus mode sa **Infinity**.



Gabi

Kapag nakabukas, tumataas ang light sensitivity. Gamitin sa mga kapaligiran na madilim. Ang mga video nang mabilis kumilos na mga bagay ay maaaring lumabo. Huwag galawin ang kamay o gumamit ng suporta. Isara ang night mode kapag mabuti ang mga kondisyon ng liwanag, upang mapabuti ang kalidad ng video.



Dagat at nyebe

Gamitin sa mga maliwanag na kapaligiran upang iwasan ang underexposed na mga video.



Pampalakasan

Ginagamit para sa pagkuha ng video ng mga bagay na mabilis na gumagalaw. Pinapaliit ng maikling oras ng exposure ang pag-blur ng pagkilos.



Party

Gamitin para sa mga pangloobang video sa hindi gaanong maliwanag na mga kapaligiran. Nakakakuha ang eksenang ito ng panloobang background na liwanag o liwanag ng kandila. Ang mga video nang mabilis kumilos na mga bagay ay maaaring lumabo. Huwag galawin ang kamay o gumamit ng suporta.

Photo light

Gamitin ang ilaw upang mag-record ng mga video kapag madilim o kapag mayroong backlight.



I-on



I-off

Minsan ang kalidad ng video ay maaaring mas maganda na walang liwanag, kahit na hindi maganda ang mga kundisyon ng ilaw.

Paraan ng pagkuha

Piliin ang paraang ginagamit mo upang mag-record ng video.



Nasa screen na pindutan

Mag-record ng video sa pamamagitan ng paggamit sa button sa screen sa screen ng camera..



Touch capture

Tukuyin ang partikular na lugar ng focus sa pamamagitan ng pagpindot sa screen ng camera gamit ang iyong daliri.



Camera key lamang

Mag-record ng video sa pamamagitan ng paggamit lang ng hardware na camera key..

Mode ng pag-focus

Kinokontrol ng setting ng focus kung aling bahagi ng video ang dapat na maging sharp. Kapag naka-on ang continuous autofocus, patuloy na nag-a-adjust ang focus ng camera kaya ang lugar na nasa loob ng puting photo frame ay nananatiling matalas.



Single auto focus

Awtomatikong nagpo-focus ang camera sa piniling paksa. Naka-on ang continuous autofocus.



Deteksyon ng mukha

Awtomatikong nakikita ng camera ang hanggang sa limang mukha ng tao, na ipinapahiwatig ng mga frame sa screen. Awtomatikong nagpo-focus ang kamera sa pinakamalapit na mukha. Maaari ka ring pumili kung sa aling mukha magpo-focus sa pagtapik nito sa screen. Kapag tinapik mo ang screen ng camera, ipapakita ng berdeng frame kung alig mukuha ang napili at naka-focus. Hindi magagamit ang face detection para sa lahat ng mga uri ng eksena. Naka-on ang continuous autofocus.



Infinity

Gamitin kapag nagrerekord ng video mula sa kalayuan. Ang focus ay naka-set sa mga paksa na malayo. Ang mga paksa na malapit sa kamera ay maaaring malabo.

Laki ng video

I-adjust ang laki ng video para iba't-ibang mga format



HD 720p

HD (High Definition) format na may 16:9 aspect ratio. 1280×720 pixels.



Full Wide VGA

Full Wide VGA format na may 16:9 aspect ratio. 864×480 pixels.



VGA

VGA format na may 4:3 aspect ratio. 640×480 pixels.



QVGA

Quarter VGA format na may 4:3 aspect ratio. 320×240 pixels.



Multimedia message

Magrekord ng mga video na naaangkop na ipadala bilang mga multimedia message. Ang oras ng recording ng format ng video na ito ay limitado upang umakma sa isang multimedia message

Self-timer

Sa self-timer maaari kang magrekord ng video na hindi hahawakan ang telepono. Gamitin ito upang irekord ang grupo ng mga video kung saan ang lahat ay makakasama sa video. Maaari mo ring gamitin ang self-timer upang maiwasan ang pag-alog ng camera kapag kumukuha ng mga video.



Naka-on (10 segundo)

Mag-set ng 10-segundong antala kapag pinindot ang screen ng camera hanggang sa magsimulang mag-record ang video.



Naka-on (2 segundo)

Mag-set ng 2-segundong antala kapag pinindot ang screen ng camera hanggang sa magsimulang mag-record ang video.



I-off

Agad na magsisimulang mag-record ang video sa sandaling pindutin mo ang screen ng camera.

Halaga ng exposure



Pinapayagan ka ng setting na ito na tukuyin ang dami ng ilaw sa imaheng iyong kinukuha. Ipinapahiwatig ng mas mataas na halaga ang tumaas na dami ng liwanag.

White balance

I-adjust ng setting ng white balance ang balanse ng kulay ayon sa mga kundisyon ng liwanag.



Auto

Awtomatikong i-adjust ang balanse ng kulay sa kondisyon ng liwanag.



Incandescent

i-adjust ang balanse ng kulay para sa mga kalagayan na warm lighting, tulad ng sa ilalim ng mga light bulb.



Fluorescent

I-adjust ang balanse ng kulay para sa fluorescent na ilaw.



Maaraw

I-adjust ang balanse ng kulay para sa maaraw na kalagayan sa labas.



Maulap

I-adjust ang balanse ng kulay kung maulap.

Image stabiliser

Kapag nagre-rekord ng video, maaaring mahirap na hahawakan ang telepono na di gagalaw. Tinutulungan ka ng stabilizer sa pamagitan ng pag-compensate sa mga kaunting paggalaw ng kamay.



I-on

Maaari kang mag-record ng video na naka-on ang stabiliser.



I-off

Maaari kang mag-record ng video na naka-off ang stabiliser.

Mikropono

Pilin kung kukunin ang mga tunog sa paligid kapag nagre-record ng mga video.



I-on



I-off

Tunog ng shutter

Piliing i-on o i-off ang tunog kapag nag-record ka ng video.

3D na camera

Tinutulungan ka ng 3D na camera na kumuha ng mga wide-angle, panoramic na larawan na nakakakuha nang higit pa sa eksena at nagdaragdag ng depth sa paksa. Maaaring i-play ang mga larawan ng 3D Sweep Panorama™ sa isang TV na sumusuporta sa 3D.

Upang i-activate ang 3D na Camera

- Mula sa iyong Home screen, tapikin ang , pagkatapos ay hanapin at tapikin ang .

Pangkalahatang-ideya ng 3D na Camera



- | | |
|---|--|
| 1 | Lumipat sa pagitan ng still at video camera |
| 2 | Kumuha ng mga larawan o magrekord ng mga video clip |
| 3 | Directional arrow – tinutulungan kang i-pan ang camera |
| 4 | Tingnan ang mga larawan at video |
| 5 | Settings bar |

Upang kumuha ng larawan sa mode na 3D Sweep Panorama™

- Isaaktibo ang 3D na camera.
- Tapikin ang icon sa tuktok na kaliwang screen, pagkatapos ay piliin ang **3D Sweep Panorama** kung hindi pa ito napipili.
- Pindutin ang camera key nang kalahati pababa upang i-lock ang focus.
- Pindutin ang camera key nang buo pababa, pagkatapos na i-pan ang camera mula kaliwa pakanan sa steady na pahigang paggalaw.

Mga tip para sa pagkuha ng mga 3D Sweep Panorama™ na larawan

Tandaan ang mga limitasyong ito kapag kumukuha ng mga 3D na larawan:

- Hindi naaangkop ang 3D na pagkuha kapag malaki o gumagalaw ang paksa; kapag masyadong malapit ang pangunahing paksa sa camera; at napakaliit ng contrast ng paksa, tulad ng kalangitan, dalampasigan, o damuhan.
- Binubuo ang mga 3D na larawan ng maraming JPEG na larawan at nauugnay na MPO na file. Kung magtanggal ka ng MPO na file sa camera (habang nakakonekta ito sa isang computer), hindi mo na magagawang tingnan ang nauugnay na JPEG na larawan.
- Kung hindi mo ma-pan ang camera sa buong paksa sa loob ng ibinigay na oras ng pagkuha, magkakaroon ng kulay grey na bahagi sa composite na larawan. Kung mangyari ito, igalaw ang camera nang mas mabilis upang mag-record ng buong 3D na larawan.
- Sa ilalim ng mga kundisyong kaunti ang ilaw, maaaring maging blurred ang mga larawan. Upang makuha ang mga pinakamahusay na resulta, kumuha ng mga larawan sa maliwanag na ilaw sa labas.
- Sa mga ilaw na nagpapatay-sindi, tulad ng mga fluorescent light, maaaring hindi rin maging matagumpay ang mga 3D na kuha.
- Kapag pinindot mo ang key ng camera nang kalahating pababa, itinatakda mo ang lock ng Auto Focus at lock ng Auto Exposure. Kung makabuluhang nagbabagu-bago ang liwanag, focus at ibang kundisyon sa pagitan ng oras na kinuha mo ang dalawang lock na ito at oras na ganap na pinindot mo ang key ng camera upang kunin ang shot, maaaring hindi maging matagumpay ang shot.

- Maaaring kanselahin ng camera ang pagkuha sa 3D sa mga sumusunod na sitwasyon: masyado mong mabilis na na-pan ang camera; masyadong nanginginig ang camera; na-pan mo ang camera sa baliktad na direksyon.

Upang kumuha ng larawan sa mode na Sweep Panorama™

- 1 Isaaktibo ang 3D na camera.
- 2 Tapikin ang icon sa tuktok na kaliwa ng screen, pagkatapos ay piliin ang **Sweep Panorama**.
- 3 Tapikin ang  at piliin ang direksyon kung saan magpa-pan.
- 4 Pindutin ang camera key nang kalahati upang i-lock ang focus at exposure.
- 5 Ganap na pindutin ang camera key, pagkatapos ay i-pan ang camera nang steady sa direksyon ng gumagalaw na arrow.

Mga tip sa pagkuha ng mga Sweep Panorama™ na larawan (2D)

Tandaan ang mga limitasyong ito kapag kumukuhang ka ng mga Sweep Panorama™ na larawan:

- Kung hindi mo ma-pan ang telepono sa kabuuan ng paksa sa loob ng ibinigay na oras, lilitaw ang isang grey na lugar sa composite na imahe. Kung mangyari ito, galawin ang camera nang mas mabilis upang magrekord ng buong imahe ng panorama.
- Dahil ang ilang mga imahe ay magkakadikit, hindi palaging narerekord nang maayos ang magkakadikit na bahagi.
- Sa mga hindi masyadong maliwanag na kundisyon, maaaring maging malabo o magkaroon ng mababang kalidad ang mga imahe ng panorama.
- Sa mga kundisyong may ilaw na kumukurap, gaya ng mga ilaw na fluorescent, maaaring hindi maging pare-pareho ang liwanag o kulay ng mga pinagsamang imahe.
- Hindi naaangkop ang Sweep Panorama™ mode para sa mga sumusunod na sitwasyon: kapag gumagalaw ang mga paksa o masyadong malapit sa camera; kapag nagbibigay ng kakaunting contrast ang mga target na imahe, gaya ng mga larawan ng mga langit, mga dalampasigan, o mga damuhan; at kapag palaging nagbabago ang mga imahe, gaya ng mga alon o mga talon.
- Maaaring kanselahin ng camera ang pagkuha sa mga sumusunod na sitwasyon: masyado mong mabilis na i-pan ang camera; masyado mong napapanginig ang camera; sa kabilang direksyon mo pina-pan ang camera.

Pagtingin ng mga larawan at video sa Gallery

Gamitin ang Gallery upang tingnan ang mga larawan at mag-play ng mga video na iyong nakunan gamit ang camera sa iyong telepono, o upang tingnan ang kaparehong nilalaman na iyong na-downloadeo nakopya sa memory card. Sa Gallery, maaari ka ring tumingin ng mga larawan at video na iyong na-upload sa isang online na serbisyo, halimbawa, sa isang Picasa™ web album o sa

Mula sa Gallery, maaari mo ring ibahagi ang iyong mga paboritong larawan at video sa mga kaibigan sa pamamagitan ng paggamit sa Bluetooth™ wireless technology, email o messaging. At maaari kang magsagawa ng mga pangunahing gawin sa pag-edit sa mga larawan at itakda ang mga iyon bilang wallpaper o mga larawan ng contact. Para sa marami pang impormasyon, tingnan ang **Pagkonekta sa iyong telepono sa isang computer** sa pahina 122.

BRAVIA® ENGINE


Pinapabuti ng teknolohiyang Mobile BRAVIA® ENGINE ng Sony ang kalidad ng pagtingin sa mga larawan at video pagkatapos mong kunan ang mga iyon, na nagbibigay sa iyo ng mas malinaw, mas sharp at higit na natural na mga larawan. Naka-on bilang default ang BRAVIA® ENGINE, ngunit maaari mo itong i-off kung gusto mong bawasan ang paggamit ng baterya.

Upang i-off ang Mobile BRAVIA® ENGINE

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting** > **Ipakita**.
- 3 Alisan ng marka ang checkbox ng **Mobile BRAVIA Engine** kung namarkahan na ito.

Upang buksan ang Gallery at tingnan ang iyong mga album

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at tapikin ang **Gallery ng Xperia™**. Lumilitaw ang mga larawan at video sa iyong memory card, kabilang ang mga kinunan mo gamit ang camera at ang mga na-download mo mula sa web o ibang lokasyon, sa mga album.
- 💡 Kung hindi awtomatikong nagbago ang oryentasyon sa screen kapag pinatagilid mo ang telepono, markahan ang **Orientasyon** checkbox sa ilalim ng **Mga setting** > **Ipakita**.




- 1 Tapikin upang bumukas ang camera
- 2 Tapikin upang buksan ang 3D na Album
- 3 Stack ng album – pindutin gamit ang dalawang daliri at paghiwalayin ang mga iyon upang tingnan ang nilalaman
- 4 Album ng mga larawan at video na kinunan gamit ang camera ng telepono

Paggamit ng mga album

Maaari mo ring muling ayusin ang iyong mga larawan at video sa loob ng mga album pati rin ang maglipat ng nilalaman sa pagitan ng mga album. Maaari ka ring mag-upload ng nilalaman mula sa iyong mga album sa Gallery hanggang sa mga serbisyo sa online tulad ng Picasa™ at Facebook™, at maaari kang makakita ng nilalaman mula sa mga naturang serbisyo sa online sa Gallery.

Upang makapagbukas ng album sa Gallery

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Gallery ng Xperia™**.
- 3 Tapikin ang album na gusto mong tingnan. Magbubukas ang album na ipinapakita ang mga nilalamang larawan at video nito sa grid na nakaayos ayon sa pagkakasunud-sunod ng paglagay. Lilitaw ang pangalan ng album sa tuktok ng screen.



- 1 Tapikin upang lumipat mula sa tingin na grid patungo sa stack
- 2 Tapikin ang isang litrato o video upang matingnan ito
- 3 Tapikin ang isang arrow upang mag-scroll sa isang screen ng paisa-isa. I-drag nang pakaliwa o pakanan upang mag-scroll ng mabilis.

Upang tingnan ang mga larawan at video sa Gallery

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Gallery ng Xperia™**.
- 3 Tapikin ang isang album. Ipinakita ang mga litrato at video sa grid na ayon sa pagkakasunud-sunod. Ang mga video ay isinagawa ng .
- 4 Tapikin ang isang litrato o video upang matingnan ito.
- 5 I-flick pakaliwa upang matingnan ang susunod na litrato o video. I-flick pakanan upang i-view ang nakaraang photo o video.

💡 Kung hindi awtomatikong nagbago ang oryentasyon sa screen kapag pinatagilid mo ang telepono, markahan ang **Orientasyon** checkbox sa ilalim ng **Mga Setting > Ipakita**.

Upang palitan kung papapano ipinapakita ang mga nilalaman ng isang album sa Gallery

- 1 Kapag tinitingnan ang isang album sa Gallery, i-drag ang switch ng album view  sa kanan upang matingnan ang mga nilalaman ng album na nasa mga stack.
- 2 I-drag ang album view switch  sa kaliwa upang matingnan ang mga nilalaman ng album na pinagsunud-sunod sa grid.

Paggawa sa mga pangkat ng nilalaman sa Gallery

Makakapili ka ng ilang larawan o video sa isang album at makakagawa sa mga ito nang pangkatan, halimbawa, upang magpadala ng ilang mga larawan mula sa isang album patungo sa isang kaibigan.

Upang gumawa sa mga batch ng litrato o video sa Gallery

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at i-tap ang **Gallery ng Xperia™**.
- 3 Buksan ang album na naglalaman ng mga nilalaman na nais mong gawin.
- 4 Upang i-aktibo ang mode na pagpili, i-touch at tagalan ang isa sa mga item na nais mong gamitin.
- 5 I-check o alisan ng check ang mga item na gusto mong gamitin.
- 6 Pindutin ang , pagkatapos ay gamitin ang mga tool sa toolbar upang gamitin sa iyong mga napiling item.

Upang magbahagi ng album sa Gallery

- ! Kung magbahagi ka ng album, huwag tanggalin ang orihinal na kopya ng album bago ganap na maipadala ang mga item sa album.
- 1 Mula sa pangunahing screen ng Gallery, hawakan nang matagal ang isang album na gusto mong gamitin. Aktibo na ngayon ang mode ng pagpili.
 - 2 Suriin ang mga album na gusto mong ibahagi, pagkatapos ay pindutin ang .
 - 3 Tapikin ang **Ibahagi**.
 - 4 Sa menu na magbubukas, tapikin ang application na gusto mong gamitin upang ibahagi ang mga napiling album.

Upang magtanggap ng album sa Gallery

- 1 Mula sa pangunahing screen na Gallery, i-touch at tagalan ang isang album na nais mong gamitin. Naisaaktibo na ang mode na pagpili.
- 2 I-check ang mga album na nais mong tanggalin, pagkatapos ay pindutin ang .
- 3 Tapikin ang **Tanggapin**. Sa dialog na bubukas, tapikin ang **Tanggapin** muli.

Paggamit ng mga larawan sa Gallery

Maaari mong i-edit at muling ayusin ang iyong mga larawan sa Gallery. Halimbawa, makakapag-crop ka ng mga larawan, magagamit ang mga ito bilang mga larawan ng contact at bilang wallpaper.

Upang i-zoom ang larawan

- Kapag tumitingin ka ng larawan, tapikin nang dalawang beses ang screen upang mag-zoom in. Tapiking muli nang dalawang beses upang mag-zoom out.
- Kapag tumitingin ka ng isang larawan, paghiwalayin ang dalawang daliri upang mag-zoom in, o pagtagpuin ang dalawang daliri upang mag-zoom out.

Upang manood ng slideshow ng iyong mga larawan

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Gallery ng Xperia™**.
- 3 Tapikin ang isang album upang mabuksan ito, pagkatapos ay tapikin ang isang litrato at pindutin ang .
- 4 Sa toolbar sa ibaba ng screen, tapikin ang **Slideshow**.
- 5 Tapikin ang litrato upang wakasan ang slideshow.

Upang ipaikot ang litrato

- 1 Kapag tinitingnan mo ang isang larawan, pindutin ang .
- 2 Tapikin ang **Higit pa**, pagkatapos ay piliin ang **likot sa Kaliwa** o **likot sa Kanan**. Na-save ang litrato sa bagong oryentasyon.

Upang gumamit ng litrato bilang larawan ng contact

- 1 Kapag tumitingin ka ng larawan sa photo viewer, pindutin ang .
- 2 Sa toolbar sa ibaba ng screen, tapikin ang **Itakda bilang > Litrato ng contact**.
- 3 Piliin ang contact na nais mong i-ugnay sa litrato.
- 4 I-crop ang litrato, kung kinakailangan.
- 5 Tapikin ang **Mag-save**.

Upang gumamit ng litrato bilang wallpaper

- 1 Kapag tinitingnan mo ang isang larawan sa photo viewer, pindutin ang .
- 2 Sa toolbar sa ibaba ng screen, tapikin ang **Itakda bilang > Wallpaper**.
- 3 I-crop ang litrato, kung kinakailangan.
- 4 Tapikin ang **Mag-save**.

Upang i-crop ang isang litrato

- 1 Kapag tumitingin ka ng larawan sa photo viewer, pindutin ang .
- 2 Sa toolbar, tapikin ang **Higit pa > I-crop**.
- 3 Upang ma-adjust ang crop frame, pindutin nang matagal ang gilid ng crop frame. Kapag lumitaw ang arrow sa pag-crop, mag-drag paloob o palabas upang baguhin ang laki ng frame.
- 4 Upang baguhin ang laki ng lahat ng gilid ng frame sa pag-crop nang sabay-sabay, hawakan nang matagal ang isa sa apat na sulok upang palitawin ang mga arrow, pagkatapos ay i-drag ang sulok nang naaayon.
- 5 Upang ilipat ang frame ng pag-crop sa isa pang lugar ng litrato, pindutin nang matagal ang loob ng frame, pagkatapos ay i-drag ito sa nais na posisyon.
- 6 Upang mag-save ng kopya ng larawan habang kina-crop ito, tapikin ang **Mag-save**. Mananatili ang orihinal na hindi na-crop na bersyon sa memory card ng iyong telepono.

Upang magbahagi ng litrato

- 1 Kapag tumitingin ka ng larawan sa photo viewer, pindutin ang .
- 2 Sa toolbar, tapikin ang **Ibahagi**.
- 3 Pumili ng isa sa mga magagamit na paraan ng paglipat.

Upang magtanggag ng litrato

- 1 Kapag tumitingin ka ng larawan sa photo viewer, pindutin ang .
- 2 Sa toolbar sa ibaba ng screen, tapikin ang **Tanggalin**.
- 3 Sa dialog na bubukas, tapikin ang **Tanggalin**.

Pagtingin ng iyong mga litrato sa mapa

Kung paganahin mo ang pagtukoy sa lokasyon kapag kumukuha ng mga litrato, magagamit mo ang nakalap na impormasyon sa ibang pagkakataon. Halimbawa, matitingnan mo ang iyong mga litrato sa isang mapa at maipapakita sa mga kaibigan at kapamilya kung nasaan ka noong kinuha mo ang litrato. Ang pagdaragdag ng impormasyon ng lokasyon ay tinutukoy rin bilang geotagging. Kapag pinagana mo ang pagtukoy sa lokasyon, mapipili mong gumamit ng mga GPS satellite o wireless network, o pareho, upang mahanap ang iyong posisyon.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang *Paggamit ng mga serbisyo ng lokasyon upang hanapin ang iyong posisyon* sa pahinang 125.

Upang paganahin ang paghahanap ng lokasyon

- 1 Mula sa iyong Home screen, pindutin ang .
- 2 Tapikin ang **Mga Setting > Mga serbisyo ng Lokasyon**.
- 3 Markahan ang **Mga GPS Satellite** at/o **Serbisyo sa lokasyon ng Google** na mga checkbox.

Upang tingnan ang mga na-geotag na larawan sa isang mapa

- 1 Kapag tinitingnan mo ang isang larawan na iyong na-geotag, pindutin ang .
- 2 Tapikin ang **Higit pa > Ipakita sa mapa**.

Paggamit ng mga video

Gamitin ang Gallery upang manood ng mga video na iyong kinuha sa camera, na-download, kinopya sa iyong memory card. Maibabahagi mo rin ang iyong mga video sa mga kaibigan, o maa-upload ang mga ito sa YouTube™.

Upang mag-play ng video

- 1 Sa Gallery, mag-browse patungo sa album na naglalaman ng video na gusto mong i-play.
- 2 Tapikin ang video upang i-play ito.
- 3 Kung hindi ipinapakita ang mga kontrol ng playback, tapikin ang screen upang ipakita ang mga ito. Upang itago ang mga kontrol, tapiking muli ang screen.

Upang i-pause ang video

- 1 Kapag nagpe-play ang video, tapikin ang screen upang ipakita ang mga control.
- 2 Tapikin ang .

Upang i-fast forward at i-rewind ang video

- 1 Kapag nagpe-play ang video, tapikin ang screen upang ipakita ang mga control.
- 2 I-drag ang progress bar marker sa kaliwa upang mag-rewind, o pakanan upang mag-fast forward.

💡 O kaya, maaari mong tapikin ang  o .

Upang ayusin ang volume ng video

- Pindutin ang pindutan ng volume.

Upang magbahagi ng vide

- 1 Magbukas ng album sa Gallery na naglalaman ng video.
- 2 Upang i-aktibo ang mode na pagpili, i-touch at tagalan ang isang item na nais mong gamitin.
- 3 Suriin ang video o mga video na nais mong ibahagi.
- 4 Pindutin ang .
- 5 Tapikin ang **Ibahagi**.
- 6 Sa menu na bubukas, tapikin ang application na gusto mong gamitin upang ibahagi ang napiling video, pagkatapos ay sundin ang mga may-katuturang hakbang upang ipadala ito.

! Maaaring hindi mo magawang makopya, mapadala o malipat ang mga item na protektado ng copyright. Isa pa, hindi maaaring ipadala ang ilang item kung masyadong malaki ang file.

Upang magtanggal ng video

- 1 Magbukas ng album sa Gallery na naglalaman ng video.
- 2 Upang i-aktibo ang mode na pagpili, i-touch at tagalan ang isang item na nais mong gamitin.
- 3 I-check ang video o mga video na nais mong tanggalin.
- 4 Pindutin ang , pagkatapos ay i-tap ang **Magtanggal**.
- 5 Sa dialog na bubukas, tapikin ang **Magtanggal**.

Pagtingin ng mga larawan sa 3D na Album

Sa 3D na Album, magagawa mong tingnan at i-play ang lahat ng larawang kinuha gamit ang iyong 3D na camera.

Upang tingnan ang iyong mga 3D na larawan sa 3D na Album

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **3D na Album**.
- 3 Tapikin ang isang 3D na larawan.
- 4 Mag-flick pakaliwa upang tingnan ang susunod na 3D na larawan sa 3D na Album. Mag-flick pakanan upang tingnan ang nakaraang 3D na larawan.

Upang mag-play ng 3D na larawan sa 3D na Album

- 1 Buksan ang 3D na larawan. Kung walang mga control ang naka-display, tapikin ang screen.
 - 2 Tapikin ang .
- ! Maaari ka lamang mag-play ng mga 3D na larawan na nakuha sa karaniwang laki ng larawang panorama.

Upang mag-zoom in ng isang 3D na larawan sa 3D Album

- Kapag tumingin ka ng isang 3D na larawan sa isang 3D na Album, tapikin nang dalawang beses ang larawan upang mag-zoom in o out.
- 💡 Upang mag-zoom in o out, mapagtatagpo mo rin ang dalawang daliri o mapaghihiwalay ang mga iyon. Pagkatapos ay i-drag ang 3D na larawan upang tingnan ang iba't ibang bahagi nito.

Pamamahala sa iyong mga larawan sa 3D Album

Gamitin ang 3D Album upang i-upload ang iyong mga 3D na larawan sa mga online na web album. Halimbawa, kung isa kang user ng Facebook™, maa-upload mo ang iyong mga larawan sa 3D Album sa iyong Facebook™ account. Magagamit mo rin ang 3D Album upang magtanggal ng mga larawan.

Upang magbahagi ng 3D na larawan sa 3D na Album

- 1 Kapag tiningnan mo ang isang 3D na larawan sa 3D na Album, tapikin ang 3D na larawan kung walang ipinakitang mga kontrol.
- 2 Tapikin ang .
- 3 Pumili ng isa sa mga magagamit na paraan ng paglipat.

Upang tanggalin ang isang 3D na larawan sa isang 3D na Album

- 1 Kapag tumingin ka ng isang 3D na larawan sa isang 3D na Album, tapikin ang larawan kung walang ipinakitang mga kontrol.
- 2 I-tap ang , pagkatapos ay i-tap ang **OK**.

Bluetooth™ wireless technology

Gamitin ang Bluetooth™ upang magpadala sa ibang Bluetooth™ compatible na mga aparato, o upang makakonekta sa mga accessories na handsfree. Buksan ang Bluetooth™ function ng iyong telepono at makagawa ng mga wireless na koneksyon sa iba pang katugmang device ng Bluetooth™ tulad ng mga computer, mga aksesoryang handsfree, at mga telepono. Mas mabuting gumagana ang mga koneksyon ng Bluetooth™ sa loob ng saklaw ng 10 metro (33 talampakan), na walang solidong mga bagay sa pagitan. Sa ilang mga kaso kailangan mo na manu-manong ipares ang iyong telepono sa ibang mga Bluetooth™ device. Tandaang i-set ang iyong telepono na maging "discoverable" kung gusto mong makita ito ng ibang mga aparatong Bluetooth™.

! Iba-iba ang pagiging napapagana at pagiging kaswato sa mga aparatong Bluetooth™.

Upang i-on ang pag-andar na Bluetooth™ at gawing nakikita ang iyong telepono

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga setting**.
- 3 Tapikin ang  sa tabi ng **Bluetooth** upang magbabago ang  patungong .
- 4 Tapikin ang **Bluetooth**.
- 5 Tapikin ang **Hindi makikita ng iba pang mga Bluetooth na device**.

Upang ayusin ang oras ng pagpapakita ng iyong telepono sa ibang Bluetooth™ device

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Bluetooth**.
- 3 Pindutin ang  at piliin ang **Timeout ng visibility**.
- 4 Pumili ng opsyon.

Pagpapangalan sa iyong telepono

Maaari kang magbigay ng pangalan sa iyong telepono. Ipinapakita ang pangalang ito sa ibang mga aparato pagkararaang i-on ang Bluetooth™ function at naka-set na visible ang iyong telepono.

Upang bigyan ng pangalan ang iyong telepono

- 1 Tiyaking naka-on ang function na Bluetooth™.
- 2 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 3 Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Bluetooth**.
- 4 Pindutin ang  at piliin ang **Palitan ang pangalan ng telepono**.
- 5 Magpasok ng pangalan para sa iyong telepono.
- 6 Tapikin ang **Palitan ang pangalan**.

Pagpares sa isa pang Bluetooth™ device

Kapag pinares mo ang iyong telepono sa isa pang device, halimbawa, maaari mong ikonekta ang iyong telepono sa isang Bluetooth™ handsfree o Bluetooth™ car kit at gamitin ang mga device na ito upang magsagawa at makatanggap ng mga tawag.

Sa sandaling naipares mo ang iyong telepono sa Bluetooth™ device tatandaan ng telepono ang pagpares na ito. Kapag pinapares ang telepono sa isang Bluetooth™ device, kakailanganin mong magpasok ng passcode. Awtomatikong susubukan ng iyong telepono ang generic passcode na 0000. Kung hindi ito gumana, sumangguni sa iyong papeles sa Bluetooth™ device para sa passcode ng device. Hindi mo kailangang ipasok muli ang passcode sa susunod na kokonekta ka sa isang nakapares na Bluetooth™ device.

Halimbawa, sa ilang mga Bluetooth™ device, karamihan sa mga Bluetooth™ na headset, ay kinakailangan mong parehong ipares at ikonekta sa ibang device.

Maaari mong ipares ang iyong telepono sa ilang mga Bluetooth™ device, ngunit maaari ka lang kumonekta sa isang Bluetooth™ profile nang paisa-isa.

Upang ipares ang iyong telepono sa isa pang Bluetooth™ device

- 1 Tiyaking aktibo ang function na Bluetooth™ ng device kung saan mo nais ipares ang iyong telepono at nakikita ng mga ibang Bluetooth™ device.
- 2 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 3 Hanapin at tapikin ang **Mga setting > Bluetooth**. Lilitaw sa isang listahan ang lahat ng available na Bluetooth™ device.
- 4 Tapikin ang Bluetooth™ device na gusto mong ipares sa iyong telepono.
- 5 Magpasok ng passcode, kung kailangan. Nakapares na ngayon ang telepono at Bluetooth™ device.

Upang ikonekta ang iyong telepono sa isa pang aparatong Bluetooth™

- 1 Kung nagkokonekta ka ng Bluetooth device na kailangan mo munang ipares sa iyong telepono bago kumonekta., sundin ang mga may-katuturang hakbang upang ipares ang iyong telepono sa device na iyon.
- 2 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 3 Hanapin at tapikin ang **Mga setting > Bluetooth**.
- 4 Tapikin ang Bluetooth™ device kung saan mo gustong ikonekta ang iyong telepono.

Upang alisin sa pagkakapares ang isang aparatong Bluetooth™

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga setting > Bluetooth**.
- 3 Sa ilalim ng **Mga ipinares na device**, tapikin ang  sa tabi ng pangalan ng device na nais mong alisin sa pagkakapares.
- 4 Tapikin ang **I-unpair**.

Pagpapadala at pagtanggap ng mga item gamit ang teknolohiya ng Bluetooth™

Magbahagi ng mga item sa iba pang mga device na katugma sa Bluetooth™ gaya ng mga telepono o mga computer. Maaari kang magpadala at tumanggap ng ilang mga uri ng mga item gamit ang pagpapagana ng Bluetooth™, gaya ng:

- Mga larawan at video
- Musika at ibang mga audio file
- Mga Contact
- Mga web page

Upang magpadala ng mga item gamit ang Bluetooth™

- 1 **Tatanggap na device:** Tiyaking naka-on ang Bluetooth™ ng Bluetooth™ device na nais mong padalhan ng item at nakikita ng mga ibang Bluetooth™ device.
- 2 Sa magpapadalang device, buksan ang application na naglalaman ng item na gusto mong ipadala at mag-scroll patungo sa item.
- 3 Depende sa application at item na gusto mong ipadala, maaari mong kailanganin, halimbawa, na hawakan nang matagal ang item, buksan ang item o pindutin . Maaaring may ibang paraan upang magpadala ng item.
- 4 Pumili ng item sa menu ng pagbabahagi o pagpapadala.
- 5 Sa menu na lilitaw, piliin ang **Bluetooth**.
- 6 I-on ang Bluetooth™, kung hiniling sa iyong gawin ito.
- 7 Tapikin ang pangalan ng tatanggap na device.
- 8 **Tatanggap na device:** Kung hilingin, tanggapin ang koneksyon.
- 9 Kung hiniling, ilagay ang parehong passcode sa dalawang device, o kumpirmahin ang iminungkahing passcode.
- 10 **Tatanggap na device:** Pagtanggap sa papasok na item.

Upang tumanggap ng mga item gamit ang Bluetooth™

- 1 Tiyaking mayroong memory card sa iyong telepono. Kung wala kang nakapasok na memory card, hindi ka makakapagpadala o makakatanggap ng mga item gamit ang Bluetooth wireless technology.
- 2 Mula sa iyong Home screen, tapikin .
- 3 Tiyaking naka-on ang pagganang Bluetooth™ at nakikita ng mga ibang Bluetooth™ device.
- 4 Sisimulan na ngayon ng nagpapadalang device ang pagpapadala ng data sa iyong telepono.
- 5 Kung sinenyasan, ilagay ang parehong passcode sa dalawang device, o kumpirmahin ang iminungkahing passcode.
- 6 Kapag inabisuhan ka sa isang papasok na file sa iyong telepono, i-drag ang status bar pababa at tapikin ang abiso upang tanggapin ang paglipat ng file.
- 7 Tapikin ang **Tanggapin** upang simulan ang paglipat ng file.
- 8 Upang tingnan ang kasalukuyang katayuan ng paglipat, i-drag ang status bar pababa.
- 9 Upang magbukas ng natanggap na item, i-drag ang status bar pababa at tapikin ang may-katuturang abiso.

Upang tingnan ang mga file na natanggap mo gamit ang Bluetooth™

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga setting > Bluetooth**.
- 3 Pindutin ang  at piliin ang **Ipakita ang mga natanggap na file**.

Pagkonekta sa iyong telepono sa isang computer

Ikonekta ang iyong telepono sa isang computer at simulang maglipat ng mga larawan, musika at iba pang mga uri ng file. Ang pinakamadaling mga paraan sa pagkonekta ay ang paggamit ng isang USB na kable o wireless na teknolohiyang Bluetooth.

Kapag ikinonekta mo ang iyong telepono sa computer gamit ang isang USB na kable, na-prompt ka na i-install ang PC Companion na application sa iyong computer. Tumutulong ang application na PC Companion sa iyo na ma-access ang mga karagdagang application upang maglipat at mag-ayos ng mga media file, i-update ang iyong telepono, i-synchronise ang nilalaman ng telepono, at higit pa.

- ! Maaaring hindi mo magawang maglipat ng ilang naiingatan ng copyright na mga materyal sa pagitan ng iyong telepono at computer.

Paglilipat at pangangasiwa ng nilalaman gamit ang USB cable

Gumamit ng koneksyong USB cable sa pagitan ng computer at iyong telepono para sa madaling paglipat at pangangasiwa ng iyong mga file. Kapag nakonekta na ang dalawang aparato, maaari mong i-drag at i-drop ang nilalaman sa pagitan ng mga iyon gamit ang file explorer ng computer. Kung naglilipat ka ng musika, video, mga litrato o ibang mga media file sa iyong telepono, pinakamainam na gamitin ang Media Go™ na application sa iyong computer. Kino-convert ng Media Go™ ang mga media file upang maaari mong gamitin ang mga ito sa iyong telepono.

Upang maglipat ng nilalaman sa pagitan ng telepono at computer gamit ang USB cable

- 1 Gamit ang isang USB cable, ikonekta ang iyong telepono sa isang computer. Lilitaw ang **Nakakonekta ang SD card** sa status bar.
- 2 **Computer:** Buksan ang Microsoft® Windows® Explorer mula sa desktop at maghintay hanggang sa lumitaw ang SD card ng iyong telepono bilang panlabas na disk sa Microsoft® Windows® Explorer.
- 3 **Computer:** I-drag at i-drop ang mga napiling file sa pagitan ng telepono at ng computer.

Mga mode ng USB na koneksyon

May dalawang karaniwang paraan na maaari mong gamitin upang magbahagi ng data sa pagitan ng iyong telepono at ibang device:

- Media Transfer Protocol (MTP) – ang pinakakaraniwang protocol para sa komunikasyon sa mga Windows computer. Pinagana ang MTP mode bilang default.
- Mass Storage Class (MSC) mode – ang pinakakaraniwang paraan upang ikonekta ang mga telepono sa mga media device tulad ng mga TV, car kit, at Mac OS/Linux computer na nagkukulang ng suporta sa MTP.

Upang itakda ang MSC mode bilang default na mode ng koneksyon sa USB

- 1 Tiyaking hindi nakakonekta ang iyong telepono sa isang USB cable.
- 2 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 3 Hanapin at tapikin ang **Mga Setting > Xperia™ > Connectivity > USB connection mode**.
- 4 Tapikin ang **Mass storage mode (MSC)**.
- 5 Tapikin ang **OK**.

Upang ikonekta ang iyong telepono sa isang computer kapag aktibo ang MSC mode

- Gamit ang USB cable, ikonekta ang iyong telepono sa computer. May awtomatikong matataguyod na koneksyong MSC mode.

Upang muling itaguyod ang isang koneksyon sa MSC mode kapag nakakonekta pa rin ang USB cable

- 1 I-drag pababa ang status bar.
- 2 Tapikin ang **Naalis ang SD card**.

Upang ligtas na idiskonekta ang USB cable pagkatapos ng paglipat na MSC mode

- ! Huwag idiskonekta ang USB cable kapag naglipat ng nilalaman dahil maaari nitong masira ang nilalaman.
- 1 **Computer:** Gamitin ang tampok na Safely Remove Hardware upang huwag paganahin ang koneksyon ng USB cable.
- 2 **Telepono:** I-drag ang status bar pababa, pagkatapos ay tapikin ang **Nakakonekta ang SD card**.
- 3 Idiskonekta ang USB na kable mula sa parehong aparato.
- ! Maaaring mag-iba-iba ang mga tagubilin sa computer depende sa iyong operating system. Sumangguni sa dokumento para sa operating system ng iyong computer para sa higit pang impormasyon.

PC Companion

Ang PC Companion ay isang application sa computer na nagbibigay sa iyo ng access sa mga karagdagang tampok at serbisyong tumutulong sa iyo sa paglipat ng musika, video at mga litrato patungo at mula sa iyong telepono. Maaari mo ring i-update ang PC Companion upang i-update ang iyong telepono at makuha ang pinakabagong bersyon ng software na available. Ang mga file ng pag-install para sa PC Companion ay naka-save sa iyong telepono at inilulunsad ang pag-install mula sa telepono kapag ikinonekta mo ito sa isang computer sa pamamagitan ng USB cable.

Kailangan mo ng computer na nagpapatakbo ng isa sa sumusunod na mga operating system upang magamit ang application na PC Companion:

- Microsoft® Windows® 7
- Microsoft® Windows Vista®
- Microsoft® Windows® XP (Service Pack 3 o mas mataas)

Upang mag-install ng PC Companion

- 1 **Bagong telepono:** I-on ang iyong bagong teleponong Android™ at ikonekta ito sa isang PC gamit ang isang USB cable.
- 2 **Bagong telepono:** Tapikin ang **I-install** upang i-install ang PC Companion sa PC.
- 3 **Computer:** Kung may lumitaw na popup na window, piliin ang *Run Startme.exe*. Sa lilitaw na bagong popup na window, i-click ang *Install* upang simulan ang pag-install at pagkatapos ay sundin ang mga tagubilin upang kumpletuhin ang pag-install.

Upang simulan ang PC Companion

- 1 Tiyaking naka-install ang PC Companion sa iyong PC.
- 2 Buksan ang application na PC Companion sa PC, pagkatapos ay i-click ang **Start** upang buksan ang isa sa mga tampok na gusto mong gamitin.

Media Go™

Tinutulungan ka ng Media Go™ na application sa computer na maglipat at mangasiwa ng nilalamang media sa iyong telepono at computer. Maaari mong i-install at i-access ang Media Go™ mula sa loob ng application na PC Companion. Tingnan ang **PC Companion** sa pahinang 123 para sa higit pang impormasyon.

Kailangan mo ang isa sa mga operating system na ito upang magamit ang Media Go™ na application:

- Microsoft® Windows® 7
- Microsoft® Windows Vista®
- Microsoft® Windows® XP, Service Pack 3 o mas mataas

Upang maglipat ng nilalaman gamit ang application na Media Go™

- 1 Ikonekta ang iyong telepono sa isang computer gamit ang sinusuportahang USB cable.
 - 2 **Telepono:** Sa status bar, lilitaw ang **Nakakonekta ang SD card**.
 - 3 **Computer:** Awtomatikong tumatakbo ang PC Companion na application. Sa PC Companion, i-click ang *Media Go* upang simulan ang Media Go™ na application. Sa ilang mga pagkakataon, maaaring kailangan mong mag-intay sa Media Go™ na ma-install.
 - 4 Gamit ang Media Go™, mag-drag at mag-drop ng mga file sa pagitan ng iyong computer at telepono.
- 💡 Maaari ring ma-download ang Media Go™ mula sa www.sonymobile.com.

Paggamit ng mga serbisyo ng lokasyon upang hanapin ang iyong posisyon

Gamitin ang iyong telepono upang malaman kung nasaan ka. Mayroong dalawang paraan: GPS at mga wireless network. Paganahin ang pagpipilian sa mga wireless network kung kailangan mo lamang ng iyong tinantiyang lokasyon, at kailangan ito kaagad. Kung nais mo ng mas eksaktong posisyon, at mayroong malinaw na tanaw sa langit, paganahin ang GPS na opsyon. Sa mga sitwasyon kung saan mahina ang koneksyon ng wireless network, dapat mong paganahin ang parehong mga pagpipilian upang matiyak na matatagpuan ang iyong lokasyon.

- ! Hindi tinitiyak ng Sony Ericsson ang katumpakan ng anumang mga serbisyo sa lokasyon kabilang ngunit hindi limitado sa mga serbisyo sa pag-navigate.

Upang paganahin ang GPS

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 2 Tapikin ang **Mga setting** > **Mga serbisyo ng Lokasyon**.
- 3 Markahan ang checkbox na **Mga GPS Satellite**.


Paggamit ng GPS

Ang iyong telepono ay may global positioning system (GPS) na receiver na gumagamit ng mga satellite signal upang kalkulahin ang iyong lokasyon.

- ! Kapag gumamit ka ng mga tampok na nangangailangan ng GPS receiver upang makita ang iyong lokasyon, tiyaking mayroon kang malinaw na pagtanaw ng kalangitan.

Pagkuha ng pinakamainam na pagganap

Sa unang pagkakataon na gamitin mo ang GPS, maaaring tumagal ito ng 5 hanggang 10 minuto bago mahanap ang iyong lokasyon. Upang matulungan ang paghahanap, siguraduhing may malinaw na tanaw ka ng langit. Tumayong matatag at huwag takpag ang GPS antenna (ang naka-highlight na lugar sa imahe). Maaaring tumagos ang GPS signal sa mga ulap at plastic, ngunit hindi sa karamihan ng mga solidong bagay gaya ng mga gusali at bundok. Kung hindi mahanap ang iyong lokasyon pagkaraan ng ilang minuto, lumipat sa isa pang lokasyon.



Google Maps™

Subaybayan ang iyong kasalukuyang lokasyon, tingnan ang mga aktwal na sitwasyon ng trapiko at tumanggap ng detalyadong mga direksyon sa iyong patutunguhan. Bago

maglakbay, maaari kang mag-download at mag-save ng mga mapa sa iyong memory card upang mapigilan ang mataas na mga halaga ng roaming.

- ! Kinakailangan ng application na Google Maps™ ang paggamit ng isang koneksyon sa Internet. Maaari kang makaipon ng mga singil sa koneksyon ng data kapag kumonekta ka sa Internet mula sa iyong telepono. Makipag-ugnay sa iyong network operator para sa higit pang impormasyon. Ang application na Google Maps™ ay maaaring hindi available sa bawat market, bansa o rehiyon.

Upang gamitin ang Google Maps™

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
 - 2 Hanapin at tapikin ang **Maps**.
- ! Kung gusto mong gamitin ang Google Maps™, kailangan mong paganahin ang isa sa mga paraan sa lokasyon na available sa ilalim ng **Mga setting > Mga serbisyo ng Lokasyon**.

Upang marami pang malaman tungkol sa Google Maps™

- Kapag ginamit mo ang Google Maps™, pindutin ang , pagkatapos ay tapikin ang **Tulong**.

Pagtinging sa lokasyon ng iyong kaibigan sa Google Latitude™

Sumali sa Google Latitude™ upang tingnan ang mga lokasyon ng iyong mga kaibigan sa mga mapa at ibahagi ang iyong lokasyon at ibang impormasyon sa kanila.

Paggamit ng Google Maps™ upang kumuha ng mga direksyon

Gamitin ang application na Google Maps™ upang kumuha ng mga direksyon kapag maglalakbay ka sa pamamagitan ng paa, pampublikong transportasyon, o kotse. Maaari kang magdagdag ng shortcut sa isang patutunguhan sa iyong Home screen upang kumuha ng mga mabilisang direksyon nasaan ka man.

Kapag tumitingin ka ng isang mapa, gumagawa ka ng koneksyon sa internet, at nalilipat ang data sa iyong telepono. Kaya isang magandang ideya na mag-download at mag-save ng mga mapa sa iyong telepono bago ka bumiyahe. Sa ganitong paraan, mapipigilan mo ang mataas na mga halaga ng roaming.

- ! Hindi tinitiyak ng Sony Ericsson ang katumpakan ng anumang pangdireksyon na mga serbisyo.

Paggamit sa Navigation application

Gamitin ang application ng Nabigasyon sa iyong telepono upang magkaroon ng hakbang-hakbang na mga tagubilin sa kung paano pumunta sa isang lugar. Kapwa sinalita o naka-display sa screen ang mga direksyon.

- ! Maaaring hindi available ang application ng Nabigasyon sa bawat market.

Upang magsimula ng Pag-navigate

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Navigation**.

Paggamit ng Wisepilot™ application

Makakuha ng bawat pihit na mga sinalitang tagubilin kung papaano makarating sa mga lugar. Mapapamahalaan mo rin ang iyong mga biyahe at makakapagbahagi ng mga ruta at lokasyon sa pamamagitan ng SMS, Twitter™ o Facebook™.

- ! Maaaring hindi available ang Wisepilot™ sa bawat market. Para sa karagdagang impormasyon, kalakip ang manual ng Wisepilot User, pumunta sa www.sonymobile.com.

Upang simulan ang Wisepilot™

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Wisepilot**.

Pag-back up at pag-restore

Gamitin ang Pag-backup at pag-restore na application upang gumawa ng mga pag-backup ng nilalaman ng iyong telepono sa iyong memory card o online na account ng imbakan. Ang gayong mga backup ay maaaring gamitin upang ibalik ang iyong nilalaman at ilang mga setting ng telepono sa mga kaso kung saan ang iyong data ay nawala o natanggal.

Mga uri ng nilalaman na maaari mong i-back up

Gamitin ang application na backup at restore upang i-back up ang sumusunod na mga uri ng data:

- Mga Bookmark
- Talaan ng tawag
- Mga contact
- (Android) Market™ na mga application
- Mga multimedia message
- Mga setting ng system (gaya ng mga alarm, ringer volume)
- Mga text na mensahe

! Ang mga file ng musika, at mga photo o mga video na kinunan ng camera ng telepono ay awtomatikong naka-save sa memory card at hindi kailangang ma-back up.


! Maaaring masingil ka ng karagdagan para sa data transmission kapag iyong ni-restore ang mga Android Market™ application.

Pagla-lock at pagprotekta sa iyong telepono

Numero ng IMEI

Mayroong natatanging IMEI (International Mobile Equipment Identity) na numero ang bawat telepono. Kailangan mong magtago ng kopya ng numerong ito. Kapag nanakaw ang iyong telepono, maaaring gamitin ng iyong network provider ang iyong numero ng IMEI upang patigilin ang telepono na mag-access sa network sa iyong bansa.

Upang tingnan ang iyong numero ng IMEI



- 1 I-off ang iyong telepono, pagkatapos ay alisin ang takip ng baterya at ang baterya.
- 2 Hanapin ang 15 hanggang 17 digit na numero sa label. Ipinapakita ng unang 15 digit ang numero ng IMEI.

Upang tingnan ang iyong numero ng IMEI sa telepono

- 1 Mula sa iyong Home screen, tapikin ang .
- 2 Hanapin at tapikin ang **Mga setting** > **Tungkol sa telepono** > **Katayuan**.
- 3 Mag-scroll sa **IMEI** upang tingnan ang numero ng **IMEI**.

Proteksyon sa SIM card

Pinoprotektahan lamang ng lock sa SIM card ang iyong subscription. Gagana pa rin ang iyong telepono gamit ang isang bagong SIM card. Kung naka-on ang lock ng SIM card, kailangan mong magpasok ng PIN (Personal Identity Number). Kung mali mong naipasok ang iyong PIN nang mas maraming beses kaysa sa maximum na bilang ng mga pagsubok na pinapayagan, maba-block ang iyong SIM card. Kailangan mong ipasok ang iyong PUK (Personal Unblocking Key) at pagkatapos ay magpasok ng bagong PIN. Ang iyong PIN, PIN2 at PUK ay ibinibigay ng iyong network operator.

Upang paganahin ang PIN lock ng SIM card

- 1 Mula sa Home screen, tapikin ang .
